

BALANGIGA

Dulang Pampelikula

ni Jose F. Lacaba

(First Draft)

BLACK SCREEN

Kasabay ng KALEMBANG ng mga kampanang pansimbahan,
lalabas ang sumusunod na title cards:

Noong Hunyo 12, 1898,
idineklara ng mga rebolusyonaryong Pilipino
ang kasarinlan ng bansa.

Sa pagbagsak ng pamahalaang kolonyal ng Espanya,
pumasok sa Pilipinas
ang isang bagong kapangyarihang pandaigdig:
ang Estados Unidos ng Amerika.

Ang kuwentong ito ay isang halos nalimot nang yugto
sa kasaysayan ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

FADE IN:

1. EXT./INT. POBLASYON NG BALANGIGA. DOCUMENTARY.

Shots ng Balangiga ngayon at ng mga nakatira dito. Ilog. Tulay. Mga traysikel at dyip. Simbahan. Historical marker sa simbahan. Kampanaryo. Eskuwelahan. Plaza. Munisipyo. Pangalan ng Balangiga sa façade ng munisipyo. Monumento ni Valeriano Abanador. Close shot ng plake sa monumento para mabasa ang pangalan ni Abanador.

Makakakita tayo ng documentary footage ng pagsasadula o reenactment na taon-taon ay ginagawa sa bayan ng Balangiga, Samar. Makikita natin ang mga lalaking nakadamit-babae at nagpuprusisyon kasunod ng isang kabaong na pambata.

Biglang mag-aalis ang mga lalaki ng balatkayo, kukuha ng itak sa kabaong, at susugod sa kamera, iwinawasiwas ang kani-kanilang itak.

2. EXT./INT. SERIES OF SHOTS. MADALING-ARAW.

(ANG SUMUSUNOD AY MONTAGE NG QUICK CUTS. MAAARING BUUIN NA LAMANG ANG MONTAGE SA EDITING. MAY PAGKADETALYADO ANG PAGLALARAWAN SA ILANG EKSENA RITO, PERO ANG MGA BUONG EKSENA AY LALABAS NA LANG SA HULING BAHAGI NG SCRIPT AT NG PELIKULA.)

EXT. GUARDHOUSE.

Tumatakbo patungo sa kamera si VALERIANO "VALÉ" ABANADOR, 32 anyos, hepe ng pulisya sa Balangiga. May nakasabit na rosaryo sa kanyang leeg. Nasa likuran niya ang isang maliit na grupo ng mga pulis.

Nakataas ang isang kamay ni Valé na may tangang arnis. Sumisigaw siya nang malakas.

VALÉ
Sugod, mga kapatid! Atake, mga
Balangigan-on!

SUPERIMPOSE TEXT:

**Balangiga, Samar
Setyembre 28, 1901**

2. KARUGTONG:

INT. KAMPANARYO.

Dalawang batang lalaki na parehong humigit-kumulang sa 12 anyos, sina JUANITO at VICENTE, ang ubod-lakas na nagpaparepeke ng tatlong kampana.

INT. SIMBAHAN.

Pagkarinig sa tugtog ng kampana, sesenyas si CASIANA "DUDAY SANA" NACIONALES sa mga kasamahan niya sa loob ng simbahan--36 na lalaking nakabihis-babae, pinamumunuan ni CUSTODIO SALAZAR, early 40s, ang dating presidente munisipal o alkalde ng Balangiga.

DUDAY SANA
Sugod, mga kababayan!

Si Duday Sana ay mahigit 30 anyos, na noong panahong iyon ay itinuturing nang matandang dalaga. May nakapulupot na rosaryo sa kanyang pulso.

EXT. GUBAT.

Mula sa mga pinagkukublihan sa niyugan at kadawagan, maglalabasan ang mga gerilyerong pinamumunuan nina KAPITAN EUGENIO DAZA, isang guro, early 30s, at PEDRO ABAYAN, early 40s, ang presidente munisipal o alkalde ng Balangiga.

DAZA
Sugod, mga kababayan!

ABAYAN
Sugod!

MGA GERILYERO
Sugo-o-od!

EXT. GUARDHOUSE.

Ipapalo ni Abanador ang nakaambang arnis. Tatamaan sa ulo si PRIVATE ADOLPH GAMLIN, 23, ang sundalong Amerikano na nakapuwesto sa guardhouse sa plaza. Babagsak si Gamlin sa lupa.

Dadamputin ni Valê ang riple ni Gamlin--isang Krag na may nakakabit na bayoneta. Uulusin ni Valê si Gamlin, pero mabilis na gugulong nang papalayo ang Amerikano.

2. KARUGTONG:

EXT. SIBLEY TENTS.

Huhugos palabas ang mga Pilipinong nakabilanggo sa dalawang malalaking Sibley tent, may mga hawak na kutsilyo. Hindi nakadamit-babae ang mga ito.

Namumuno sa grupo si GONO NACIONALES, 25, kapatid ni Duday Sana. Kabilang sa grupo ang magkapatid na GRACIANO, late 20s, at PANCRASIO, mid-20s.

INT. MUNISIPYO.

Ito ang nagsisilbing pangunahing barracks at armory ng mga Amerikano. May dalawang Amerikanong nakaguardiya rito. Pumapasok ang isang grupong kinabibilangan nina MARIANO VALDENOR, early 30s, ayudante ni Valeriano Abanador, at PEDRO DURAN, early 20s, sarhento sa pulisya.

INT. MESS TENT.

Nag-aalmusal ang mga sundalong Amerikano. Magigitla sila sa pagpasok ng mga armadong Pilipinong galing sa Sibley tents, na ngayo'y pinamumunuan ni Valê. Agad na manlalaban ang mga Amerikano. Labulabo na.

INT. KUMBENTO.

Nakaupo si LIEUTENANT EDWARD BUMPUS, late 20s, sa isang tumba-tumba sa pasilyo. Nakalaylay sa kandungan ang kanyang mga kamay, na mukhang kabibitiw lang sa sobre at bukas na liham na nasa paanan niya. Umaagos ang dugo mula sa kanyang mukha, na halos natapyas na at nakahiwalay sa ulo. Patay na siya.

Sa may likuran ni Bumpus ay nakabulagta ang bangkay ni MAJOR RICHARD GRISWOLD, late 30s.

Tumatakbo si CAPTAIN THOMAS CONNELL, pinuno ng Company C, Ninth Regiment, U.S Army. Madadaan niya ang mga bangkay nina Bumpus at Griswold. Suot na Connell ang kanyang botas at unipormeng pantalon, pero nakakamisetang panloob lang siya, at nakalawit ang kanyang suspenders. Hinahabol siya ng anim na Pilipinong armado ng itak, sa pamumuno ni Salazar.

Nagpapambuno ang isang Balangigan-on at si TENYENTE MACABEBE, early 30s, ang Pilipinong interpreter ng mga Amerikano. Masasaksak si Macabebe.

2. KARUGTONG:

Sa ilalim ng isang bintana, nakaupo sa sahig si FRANCISCO, 14 anyos, ang Pilipinong katulong ni Connell. Namamaluktot at nanginginig sa takot si Francisco. Hindi siya papansinin ng mga Pilipino.

INT. MESS TENT.

Patuloy ang labulabo. Kabilang sa mga Amerikanong nanlalaban ay si RED CONSIDINE, late 20s. Si Red (na malamang ay redhead) ang cook ng Company C. May hawak siyang baseball bat na ipinanghambalos niya sa mga sumusugod na Pilipino.

Dadampot ng Krag ang isang kabataang Pilipino (na kasama sa mga kinuha sa baryo para ipalit sa mga bihag na Balangigan-on), pero hindi niya alam kung paano ito papuputukin. Tatamaan ng bat at sasabog ang ulo ng Pilipino.

INT. MUNISIPYO.

Ang ikalawang palapag ng munisipyo ang tumatayong armory ng mga Amerikano. Nabawi na ito ng mga Amerikano mula sa grupong sumalakay dito kanina. Sa sahig ay nakabulagta ang mga bangkay ng ilang Pilipinong kasama kanina nina Valdenor at Duran sa pagsalakay sa munisipyo.

Namamaril si Gamlin mula sa bintana ng munisipyo. May suot siyang sombrero buri sa duguang ulo. Pinapuputukan niya ang mga Pilipino sa labas.

EXT. TABING-ILOG.

Tumatakbo si Connell patungong ilog, habol-habol nina Abayan. May sundang na nakabaon sa likod ni Connell. Pupuntiryahin siya ni Valê ng punyal. Sapul si Connell sa leeg, bagsak.

INT. KAMPANARYO.

Panay-panay pa rin ang pagpapatugtog nina Juanito at Vicente ng kampana.

2. KARUGTONG:

EXT. PLAZA.

Ibinababa ng magkapatid na Graciano at Pancrasio ang banderang Amerikano sa flagpole. Tatamaan at titimbuwang ang magkapatid. Mahuhulog pa rin ang banderang Amerikano.

EXT. TABING-ILOG.

Umaatras ang isang grupo ng mga Amerikano sa pamumuno ni SERGEANT FRANK BETRON, early 30s. Habang umaatras, pinapuputukan nila ang mga Pilipinong humahabol sa kanila. Madadaan nila ang nakabulagatang bangkay ni Connell.

Makikita ni Betron si Duday Sana, kasama ng kalalakihan. Saglit silang magkakatitigan. Hindi makapaniwala si Betron sa kanyang nakikita.

EXT. DAGAT.

Nagsisimula nang tumaas ang araw. Nasa dalawang baloto (bangka) ang mga nakatakas na Amerikano.

EXT. PLAZA.

Pinagmamasdan nina Valê at Duday Sana ang mga bangkay ng nakahandusay sa kanilang paligid. Sa mukha nila'y mababanaagan ang magkahalong tuwa na dala ng tagumpay, at lumbay sa harap ng maraming sugatan at patay.

3. EXT. TULAY SA SAN JUAN. GABI.

Naglalakad sa dilim ang DALAWANG PILIPINO na nakasuot ng uniporme ng hukbong rebolusyonaryo. Papunta sila sa tulay. Sa kaunting liwanag mula sa kung saan, makikitang masaya silang nagkukuwentuhan.

SUPERIMPOSE TEXT:

**San Juan, karatig-Maynila
Pebrero 4, 1899
Dalawang taon bago sumiklab ang Balangiga**

Sa paanan ng tulay, nakaguardiya ang isang platon ng SUNDALONG AMERIKANO. Mababanaagan nila ang ilang aninong papalapit--isang grupo ng KAWAL PILIPINO na nagpapatrol.

3. KARUGTONG:

Agad na magkakasa ng riple ang isang Amerikanong nasa bandang unahan. Aasintahin niya ang mga anino. Ang iba pang Amerikano ay maghahanda naman sa anumang mangyayari.

SUNDALONG AMERIKANO
Halt! Who goes there!

PILIPINO 1
Ano raw?

PILIPINO 2
Aywan ko. Maalam ba akong umingles?

PILIPINO 1 (sa Amerikano)
Amigo! Kami'y Filipino!

SUNDALONG AMERIKANO
Stop or I'll shoot!

PILIPINO 1
Hindi kami kaaway!

Hindi tumitigil sa paglakad ang mga Pilipino.

Magpapaputok ang guwardiyang Amerikano na nasa bandang unahan.

Mapapatigil sa paglakad ang Pilipino 1. Sapo ang dibdib, dahan-dahan siyang mapapaluhod, saka susubsob ang ulo sa lupa. Saglit na matitigilan ang kanyang mga kasamahan, pero agad din silang matatauhan at mabilis na dadapa sa tabi ng bangkay.

4. INT. SABUNGAN. ARAW.

Mapapatayo at mapapahiyaw ang maraming manonood sa sabungan.

Hindi sabong ang kanilang pinanonood kundi tagisan sa arnis de mano. Napatayo at napahiyaw sila sapagkat kasalukuyang napupuruhan ang KALABAN ni Valê.

Bagamat mas malaki ang kanyang kalaban, malinaw na mas mahusay at mas mabilis si Valê. Madidisarmahan at mapapabagsak niya ang kanyang kalaban.

5. EXT. SABUNGAN. ARAW.

Binibilang ni Valê ang perang kinita niya sa laban. Dadaan ang isang grupo ng MGA MANONOOD na babati sa kanya.

MANONOOD 1
Mahusay ang laban, Valê.

VALÉ
Salamat naman at nasiyahan kayo.

MANONOOD 2
Wala kang katapat sa arnis, amigo.

Ngingiti lang si Valê. Lalayo na ang mga manonood na bumati kay Valê, pero may magpapaiwan, isang lihim na kasapi ng Katipunan. Tawagin natin siyang KAPITAN INGGO. May 50 anyos na siya.

KAPITAN INGGO (medyo pabulong)
May pulong tayo. Hatinggabi. Dating lugar.

Magiging mailap ang mga mata ni Valê, sinisiguro na walang nagmamatyag sa kanila.

6. INT. KUBO. GABI.

Nasa paligid ang ilang paraphernalia ng Katipunan, kabilang ang isang bungo sa ibabaw ng mesa. May kandilang nakatirik sa bungo. Mga 12 katao ang nasa loob ng kubo, nakaupo sa sahig. Si Kapitan Inggo ang namumuno sa pulong. Nakatayo siya sa tabi ng mesa.

KAPITAN INGGO
Mga kapatid, marahil ay nabalitaan na ninyo ang nangyari kahapon.

Maraming tatango, pero iiling si Valê.

KAPITAN INGGO
Sa San Juan del Monte. Isang kababayan natin... binaril at napatay ng Amerikano... Mga kapatid, isa lamang ang ibinabadya ng kalapastanganang ito...

Gagala ang paningin ni Kapitan Inggo sa mga nakikinig sa kanya. Titigil siya kay Valê.

6. KARUGTONG:

KAPITAN INGGO
Panibagong pakikidigma ng mga anak ng bayan.

Mukhang may bumabagabag kay Valê.

7. EXT. DAGAT. ARAW.

Kasalukuyang dumadaan ang isang malaki-laking baloto sa isang kalipunan ng maliliit pero matataas na isla na may kakaibang hugis.

Kabilang si Valê sa mga pasahero ng baloto. Mapapasulyap siya sa tuktok ng isang isla.

8. EXT. TABING-DAGAT. ARAW.

Nag-aayos ng mga lambat ang ILANG MANGINGISDA. Kabilang dito ang magkapatid na Graciano at Pancrasio.

Bababa si Valê sa baloto, may bitbit na tampipi, nakasukok ang arnis sa likuran ng pantalon. Si Pancrasio ang unang makakakita sa kanya.

PANCRASIO
Valeriano!

GRACIANO (mapapalingon)
Aba, umuwi ang lagalag!

VALÉ
Graciano! Pancrasio!

Pagkakaguluhan si Valê. Kamayan, kumustahan.

VALÉ (kay Graciano)
Kumusta?

GRACIANO
Heto, binata pa rin. Ikaw, nakahuli ka ba ng Manileña?

VALÉ
Sa kasamaang-palad, walang pumasok sa aking lambat.

PANCRASIO
Kumusta naman ang Maynila, Valê?

8. KARUGTONG:

Kukulimlim ang mukha ni Valê. Hihinga muna siya nang malalim bago sumagot.

VALÉ

Hayun, nagkakagulo na naman.

GRACIANO

A, tama ang ginawa mong pagbalik. Dito sa Balangiga... tahimik dito sa atin... Puwera na lang kung itong kapatid kong si Pancrasio ay nasosobrahan ng tuba.

Tawanan.

9. EXT. POBLASYON. ARAW.

Maraming bumabati kay Valê habang naglalakad siya sa kalsada. Mga bahay na yari sa pawid at kawayan ang karamihan sa mga nadadaan niya, pero may mangilanggilang yari sa tabla o adobe.

Hihinto si Valê sa harap ng bahay ng pamilya Abanador. Sa materyales na ginamit sa pagpapagawa ng bahay ay makikitang bahagyang nakaaangat sa buhay ang pamilya Abanador kumpara sa nakararaming Balangigan-on, bagamat hindi naman talaga masasabing mayaman.

Aakyat sa hagdan si Valê.

VALÉ

Nanay! Tatay!

10. INT. BAHAY NI ABANADOR. ARAW.

Kumakain si Valê habang sinisilbihan siya ng kanyang NANAY at pinanonood ng TATAY.

NANAY

Hindi talaga namin maintindihan kung bakit hindi mo tinapos ang kolehiyo. Oo nga, magastos sa Letran, pero...

VALÉ

Ayokong maubos ang kabuhayan natin dito sa Balangiga, dahil lang sa akin.

TATAY

Ano ang plano mo ngayon?

10. KARUGTONG:

VALÉ

Natuto akong gumawa ng muwebles. Nagtrabaho ako sa pagawaan ng muwebles sa Cavite. Kung papayag kayong gamitin ko ang silong...

TATAY

Malaki-laking puhunan ang kailangan diyan...

VALÉ

Me naipon ako. Kinita ko sa mga paligsahan ng arnis de mano.

TATAY

Buweno...

NANAY

Bakit hindi ka rin magturo ng arnis?
Siguradong maraming interesado diyan.

11. EXT. GUBAT. ARAW.

Nagpuputol si Valê ng yantok. Tetestingin niya ang isang pirasong pinutol niya, kung maganda ang hataw nito.

12. EXT. NIYUGAN. ARAW.

Sa ilalim ng mga puno ng niyog, ipinapakita ni Valê sa isang GRUPO NG BATA ang mga galaw sa arnis de mano. Hawak ng mga bata ang mga arnis na ginawa ni Valê. Kabilang sa mga bata sina Vicente at Juanito, na nakita na nating nagkakalembang sa simbahan.

Ang mga bata naman ang susunod na magsasagawa ng mga galaw sa arnis, habang nanonood at nagbibigay ng instruksiyon si Valê.

13. EXT. TINDAHAN NI CATALINA. GABI.

Ang nag-aasikaso sa tindahan ay si CATALINA, late teens, kapatid nina Graciano at Pancrasio. May malaking damajuana ng tuba sa isang tabi. Nakikipag-inuman si Valê kina Graciano, Pancrasio, at Mariano Valdenor. Lasing na sila, pero hindi halatang lasing si Valê.

13. KARUGTONG:

Binibiro ni Valdenor si Catalina. Masama ang tingin ni Pancrasio kay Valdenor.

VALDENOR

Catalina, napakasarap talaga ng iyong tubang bahalina. Kung sana'y lagi akong makakainom mula sa iyong mga damajuana...

GRACIANO

Huwag mong bastusin ang kapatid namin, Mariano.

VALDENOR

Tinutulaan ko siya. Pambabastos ba iyon?

VALÉ

Salitang lasing lang iyan, Graciano. Huwag n'yong pansinin.

PANCRASIO

Sumosobra na ito. Dito pa sa sarili naming tindahan...

Tatayo ang lasing na si Valdenor at akmang aamuin sina Pancrasio at Graciano.

VALDENOR

Alam n'yo, mga bayaw...

Biglang bibigwasan ni Pancrasio si Valdenor. Titilapon si Valdenor.

PANCRASIO

Huwag mo akong matawag-tawag na bayaw.

Susuray-suray na tatayo si Valdenor at popormang gaganti kay Pancrasio. Tatayo na rin si Graciano para kapihan ang kapatid. Biglang susugod si Valdenor. Mabilis na haharang si Valé at yayapustin si Valdenor.

VALÉ (kalma)

O, huwag mo nang palakihin ang gulo. Nagkakatuwaan tayo rito...

Magmumura sa Waray si Valdenor, at sasagot ng mura sina Graciano at Pancrasio.

13. KARUGTONG:

VALÉ (sisigaw na)
 Tama na sabi! Ano ba kayo? Tama na! Sa harap ng babae, kung ano-anong kaletsehan ang pinagsasabi n'yo. Pati tuloy ako, nagagaya sa inyo... O, magkamay kayo! Kung hindi, pag-uuntugin ko ang mga ulo n'yo.

Sa di-kalayuan sa tindahan, malapit-lapit sa plaza, ay may malaking bahay na malinaw na pag-aari ng miyembro ng prinsipalya ng Balangiga. Mula sa bintana ng bahay na ito, may nagmamasid kay Valê--sina Abayan at Duran.

14. INT. BAHAY NI ABANADOR: SILONG. ARAW.

Isang kamay na may hawak na pait ang lumililok sa tabla na magiging sandalan ng isang sofa.

Kay Vale ang kamay na gumagawa ng carving. Ang silong ng bahay ng mga Abanador ay isa nang pagawaan ng muwebles na yari sa kahoy at sulihya.

Hindi mapapansin ni Valê ang pagsungaw ni Pedro Abayan sa pintuan. Marahang kakatok si Abayan sa nakabukas na pinto.

ABAYAN
 Pinsan...

VALÉ (mapapatingin sa pinto)
 Mano Pedro! Napasyal ka.

ABAYAN
 Puwede ba kitang maabala sandali?

VALÉ
 Tuloy, tuloy. Upo ka. Gusto mo ng tsokolate?

ABAYAN
 Huwag na.
 (uupo)
 Valê, hindi na ako magpapaligoy-ligoy pa.
 Kailangan ko ng tulong mo.

VALÉ
 Kung kaya ko, Mano Pedro, maaasahan mo ako.

14. KARUGTONG:

ABAYAN

Magkakaroon tayo ng eleksiyon, at ako ang napipisil ng mga kababayan natin na maging presidente municipal ng Balangiga.

VALÉ

Eleksiyon?

ABAYAN

Nanawagan ang gobyerno rebolusyonaryo na maghalal tayo ng sarili nating mga opisyaes. Si Heneral Vicente Lukban...

VALÉ

Ang Bikolano...

ABAYAN

Samareña ang asawa niya. At Filipino siya, Valê. Pare-pareho tayong Filipino.

Hindi agad makakasagot si Valê.

ABAYAN

Si Heneral Lukban, bilang pinuno ng gobyerno sibil sa Samar, ang nagpapatawag ng eleksiyon.

VALÉ

Mano Pedro, makakaasa ka sa boto ko.

ABAYAN

Hindi ako pumunta rito para hingin ang boto mo. Ang gusto ko, sumama ka sa akin. Kailangan ko ng jefe de policía... at ikaw ang kandidato ko.

VALÉ (atubili)

Jefe de policía? Mabigat na responsibilidad iyan, Mano Pedro.

ABAYAN

Kaya mo ito, pinsan.

(hihinaan ang boses)

Hindi lingid sa aking kaalaman na noong nasa Maynila ka, sumapi ka sa Katipunan.

VALÉ (parang may bara sa lalamunan)

Bata pa ako noon, Mano Pedro.

14. KARUGTONG:

ABAYAN (galit)
Anong klaseng sagot iyan? Ang pagmamahal ba sa bayan ay gawaing-bata lang?

15. INT. KUMBENTO. GABI.

Nakikipaglaro ng chess si Valê kay PADRE DONATO GUIMBAOLIBOT.

PADRE DONATO
Ikaw ba, Valeriano, ay isang Mason?

VALÉ
Kung Mason ako, Padre Donato, aaminin ko ba sa iyo? At saka, nakikita mo akong nagsisimba, di ba?

PADRE DONATO
Kung sa bagay.

VALÉ
At huwag mong kalilimutan, sa akin galing ang silyang inuupuan mo ngayon. Ako mismo ang lumilok niyan.

PADRE DONATO (kakatukin ang silya)
Materiales fuertes! Salamat, maraming salamat... Valê, mabuti na ang malinaw. Si Heneral Lukban ay isang Mason, at may problema ang simbahang Katoliko sa kanya. Sa Catbalogan, kinumpiska niya ang pondo ng simbahan.

VALÉ
Nabalitaan ko nga.

PADRE DONATO
Pero alam mo rin, Valê, na ako'y tagasunod nina Padre Burgos, Gomez at Zamora. Anuman ang agam-agam ko tungkol kay Heneral Lukban, nakikiisa ako sa mga adhikaing maka-Pilipino.

Saglit na katahimikan. Pinag-aaralan ng dalawa ang chessboard.

PADRE DONATO
May pananagutan tayong lahat sa isa't isa, at may pananagutan tayo sa bayan.

16. INT. BAHAY NI MARIA ACEDILLO. ARAW.

Nasa sala si Valê at ang nililigawan niyang si MARIA ACEDILLO, 18. Panay ang pamamaypay ni Maria, ginagamit ang lihim na lengguwahe ng abaniko para ipahiwatig ang kanyang nilolooob. Sa di-kalayuan, nakaupo sa tumba-tumba ang INA NI MARIA, naggagantsilyo at nakikinig.

MARIA

Marami bang magaganda sa Maynila?

VALÉ

Marami. Pero hindi ako naakit sa kanilang kagandahan. Bumalik ako sa Balangiga dahil alam kong dito ko matatagpuan ang tunay na kariktan ng dalagang nayon.

MARIA

Huwag mo ngang bilugin ang ulo ko, Valê. Ang balita ko'y masyado ka na raw naguguluhan sa Maynila. Madalas ka bang napapaaway?

VALÉ

Waray ini, Marya. Hindi umuurong sa away.

Ngingiti lang si Maria, saka tatakpan ang bibig ng abaniko.

VALÉ

Pero totoo, gusto ko na ring umiwas sa gulo. Doon, wala na akong narinig kundi rebolusyon, pakikibaka, giyera. Sa Cavite, Batangas, Laguna... saanman ako magpunta para lumaban sa mga paligsahan ng eskrima... rebolusyon, pakikibaka, giyera. Kailan ba tayo makakatikim ng kapayapaan?

MARIA

Hindi ba iyan ang trabaho ng jefe de policia? Ang tiyaking makakatikim tayo ng kapayapaan?

Matitigilan si Valê, mapapatingin nang matagal kay Maria.

17. EXT. PLAZA. GABI.

Maraming tao sa plaza. Kabilang dito si Maria at ang ina nito, ang mga magulang ni Valê, sina Graciano, Pancrasio, Catalina at Duday Sana, at ang mga batang tinuturuan ni Valê ng arnis.

Nakatayo sa entablado at ipinoproklama ang mga bagong-halal na opisyaes ng Balangiga--sina Abayan, ANDRONICO BALAIS, Abanador, Valdenor, Duran at iba pa. Ang tagapagsalita ay ang dating presidente municipal, si Custodio Salazar. Nakaupo sa entablado si Padre Donato.

SALAZAR

Ikinararangal kong iproklama ang ating mga bagong-halal na opisyaes. Una sa lahat, ang aking kahalili bilang presidente municipal ng Balangiga... ang kagalang-galang na si Pedro Abayan!

TAONG-BAYAN

Mabuhay!

SALAZAR

Ang bise-presidente municipal... ang kagalang-galang na si Andronico Balais!

TAONG-BAYAN

Mabuhay!

SALAZAR

Ang ating jefe de policia...

Hindi pa man tinatawag ang pangalan ni Valê ay maghihiyawan na ang mga tao, lalo na ang mga batang tinuturuan niya ng arnis. Hawak nina Vicente at Juanito ang kanilang mga arnis na parang drumstick, at ipinantatambol nila ito sa isang posteng kawayan.

18. EXT. GUBAT SA PALANAN. ARAW.

Naglalakad sa gubat ang isang platun ng MGA MACABEBE na nakasuot ng unipormeng rayadilyo. May ipinagtutulakan silang LIMANG AMERIKANO na tila bihag nila. Walang armas ang mga Amerikano, pero hindi rin sila nakagapos. Kabilang sa mga ito si FREDERICK FUNSTON, na posibleng six-footer.

18. KARUGTONG:

(FOR RESEARCH: Hindi ko tiyak kong heneral na si Funston sa panahong ito o koronel pa lang. Makikita ba ang ranggo niya sa suot niyang uniporme, o nagpapanggap siyang may mababang ranggo?)

SUPERIMPOSE TEXT:

**Palanan, Isabela
Marso 23, 1901**

19. EXT. KAMPO SA GUBAT. ARAW.

Makakarating ang grupo sa kampo ng mga rebolusyonaryo. Maraming kubo rito. May mga nagluluto sa isang siga. May isang iskuwad ng taong-bayan na sinasanay sa pagmamartsa at iba pang ehersisyong militar.

Haharangin ng MGA TANOD ang mga bagong-dating. May iaaabot na liham ang PINUNO NG MACABEBE sa PINUNO NG MGA TANOD.

PINUNO NG MACABEBE
Ipinadala kami rito ni 'eneral Baldomero.
Pandagdag sa puwersa ng 'imagsikan.

Kinakapkapan ng mga tanod ang mga Amerikano.

PINUNO NG MGA TANOD
Sino ang mga ito?

PINUNO NG MACABEBE
Nakaengkuwentro namin sila sa gubat at nabi'ag namin. Nasamsam namin ang kanilang mga armas. Gusto namin silang iprisinta kay 'eneral Emilio Aguinaldo.

PINUNO NG MGA TANOD
Tamang-tama ang dating ninyo. Kahapon ang kumpleanyos ni Heneral Miniong. Matutuwa siya sa dala ninyong regalo.

20. INT. PUNONG-HIMPILAN NI AGUINALDO. ARAW.

Ito ang pinakamalaking kubo sa kampo sa Palanan. Lalabas mula sa isang kuwarto si EMILIO AGUINALDO, tuwid na tuwid ang katawan at kompleto ang uniporme. Kasunod niya ang kanyang ayudante na si DR. SIMEON VILLA.

20. KARUGTONG:

Titigil si Aguinaldo sa gitna ng sala, isang matikas na heneral na nakahandang tapunan ng tingin ang kanyang mga bihag.

Papasok ang pinuno ng mga tanod, kasunod ang ilan sa mga Macabebe at ang limang Amerikano.

PINUNO NG MACABEBE (sumasaludo)
Mi 'eneral!

Sasagot ng saludo si Aguinaldo.

Mabilis ang susunod na mga pangyayari. Ipapasa ng mga Macabebe sa mga Amerikano ang mga armas ng mga ito. Didisarmahan ng mga sundalong Amerikano ang pinuno ng mga tanod at si Villa. Mabilis na susunggaban ni Funston ang mas maliit na si Aguinaldo. Tututukan ni Funston ng pistola sa ulo si Aguinaldo, parang hostage.

FUNSTON
General Emilio Aguinaldo, I am General
Frederick Funston of the United States
Army, and you are now a prisoner of war of
the United States of America!

21. INT. U.S. ARMY HEADQUARTERS. ARAW.

Nakaguardiya kay Aguinaldo ang ilang tauhan ng Company C, Ninth Regiment, U.S Army, kabilang sina Lieutenant Edward Bumpus at Private Adolph Gamlin.

Nakaupo si Aguinaldo sa likod ng maliit na mesa sa gitna ng malaking kuwarto. May pluma at lalagyan ng tinta sa ibabaw ng mesa.

Sa likod ni Aguinaldo, nakatayo ang ILUSTRADO, isang mataas na opisyal ng Partido Federalista na nagsisilbing interpreter. Sa harap ni Aguinaldo, nakatayo si Funston at ang Amerikanong GOBERNADOR-HENERAL.

SUPERIMPOSE TEXT:

Maynila
Abril 19, 1901

21. KARUGTONG:

May isang papel na iaabot ang Gobernador-Heneral kay Aguinaldo. Babasahin ito ni Aguinaldo. Tutungo ang Ilustrado at may ibubulong kay Aguinaldo.

Kukunin ni Aguinaldo ang pluma, isasawsaw iyon sa lalagyan ng tinta, at pipirmahan ang dokumentong ipinabasa sa kanya.

Sa umpisa pa lamang ng eksenang ito ay maririnig na ang boses ni Aguinaldo.

AGUINALDO (VOICE-OVER)

Minamahal kong mga kababayan... Ako, ang inyong Pangulong Emilio Aguinaldo, ay nanumpa na ng katapatan sa makapangyarihan at makataong bansang Norte Amerikano. Nananawagan ako sa mga kasama ko sa paghihimagsik. Tapos na ang laban. Isalong na natin ang ating mga sandata. Tanggapin at kilalanin na natin ang kapangyarihan ng Estados Unidos.

22. INT. KUWEBA. GABI.

Nagpupulong ang pamunuan ng pamahalaang rebolusyonaryo ng Samar--si HENERAL VICENTE LUKBAN at ang kanyang mga area commander na sina KORONEL NARCISO ABUKE sa hilaga, KORONEL CLARO GUEVARRA sa kanluran at KAPITAN EUGENIO DAZA sa timog-silangan.

Si Lukban ay 40 anyos at iika-ika nang bahagya (na bunga ng torture na dinanas niya sa bilangguan noong panahon ng Kastila).

Sina Abuke at Guevara ay posibleng mid- to late 30s. Si Daza, isang guro, ay early 30s.

LUKBAN

Kasinungalingan! Ang mga Yanqui ay nagkakalat ng kasinungalingan para manghina ang ating loob! At kung totoo man, ay ano ngayon? Ang pagsuko ba ng pinuno ay dahilan para itigil ang laban? Hanggat may dayuhang mananakop sa ating inang-bayan... hindi tayo titigil sa pakikibaka!

GUEVARRA

Sumuko na raw si Heneral Mojica sa Leyte.

22. KARUGTONG:

LUKBAN

Kung gayon, simula sa oras na ito, pati ang Leyte ay inilalagay ko sa ilalim ng aking pamunuan. Ipaabot sa buong Samar at Leyte ang ating bando.

Upo si Lukban sa harap ng isang mesang yari sa kawayan, at sa aandap-andap na liwanag ng sulo ay magsisimulang sumulat.

LUKBAN (VOICE-OVER)

Mga kababayan, ako, si Heneral Vicente Lukban, kataas-taasang punong militar sa Samar at Leyte, ay nanawagan sa inyo...

23. EXT. KAPARANGAN/KAGUBATAN/KABUNDUKAN. ARAW.

Sakay si Daza ng isang kabayong pinatatakbo niya nang mabilis.

LUKBAN (VOICE-OVER)

Tayo'y hindi na mga aliping inaapi at pinagsasamantalahan ng Espanya... Tiyakin nating hindi na babalik ang pang-aalipin... Huwag nating ipahintulot na ang luha't dusa ay ibalik ng imperyalismong Norte Amerikano!

24. EXT. BAHAY NI ABAYAN. GABI.

Hihinto ang nakakabayong si Daza sa harap ng bahay. Lalapit si Duran at kukunin ang renda ng kabayo. Nakasuot si Duran ng uniporme ng sarhento sa pulisya,

DAZA

Salamat, Pedrito.

Tiyempong papalapit si Valê, nakaporma.

DURAN (kay Daza)

Maestro, siya ang aming jefe de policia.

DAZA

A, si Kapitan Valê! Ang bantog na maestro ng arnis de mano!

DURAN (kay Valê)

Si Maestro Genio. Kapitan Eugenio Daza...

24. KARUGTONG:

DAZA (kakamayan si Valê)
Eugenio Daza... *y Salazar*. Magkamag-anak
tayo, Kapitan Valê. Magpinsan. Parehong
Salazar ang ating ina.

25. INT. BAHAY NI ABAYAN: SALA. GABI.

Nasa loob na ang maraming bisita, na kinabibilangan
nina Padre Donato at Duday Sana.

Sabay na papasok sina Valê at Daza. Lalapit si Abayan.

DAZA (kay Valê)
Hindi na ako makauwi sa Borongan. May mga
espiya ang kaaway, at ang bawat galaw ng
aking esposa ay binabantayan nila.

ABAYAN
Magkakilala na pala kayo.

DAZA
Kanina lang.

ABAYAN (kay Valê)
Pinsan natin si Maestro Genio. Ang ating
mga ina...

VALÉ
...ay pare-parehong Salazar. Puro tayo
magkakamag-anak dito.

Lalapit sa grupo si Custodio Salazar, ang nagsilbing
master of ceremonies sa proklamasyon. Kanina pa nasa
loob ng bahay si Salazar.

ABAYAN
At narito ang isa pa. Ang talagang Salazar.
Maestro Genio, naaalala mo si Ginoong
Custodio Salazar?

DAZA
Siyempre. Ang magiting nating dating
presidente municipal. Como estas, Señor
Salazar?

SALAZAR
Muy bien, muy bien.

26. EXT. BAHAY NI ABAYAN. GABI.

Nakatayo sa may pinto si Duran, naninigarilyo at nagmamatyag sa paligid-ligid. May palakad-lakad din at nakaistambay na kalalakihan na nagsisilbing tanod.

MARIRINIG ang mga boses-babae na kumakanta ng isang awiting Waray.

27. INT. BAHAY NI ABAYAN: SALA. GABI.

Tumutugtog ang isang PIYANISTA at umaawit ang isang grupo ng kababaihan sa kumpas ni Duday Sana. Mapapansing puro kababaihan na lamang ang naiwan sa sala.

28. INT. BAHAY NI ABAYAN: KUWARTO. GABI.

MARIRINIG din dito ang awitin ng kababaihan.

Para itong den, o anumang posibleng equivalent ng den sa isang bahay-maykaya sa probinsiya noong panahong iyon. Narito ang kalalakihan, nananabako at umiinom ng brandy o tuba.

Magkatabing nakatayo sina Abayan at Daza. Iniaabot ni Abayan kay Dazana ang isang maliit na tampipi.

ABAYAN

Kapitan Daza, tanggapin ninyo ang ambag ng mga Balangigan-on sa marangal na pakikibaka ng ating inang-bayan. Ito ang nakalap naming butaw at rebolusyonaryong buwis... limang daan at tatlumpu't dalawang piso...

DAZA

Sa ngalan ng Republika ng Filipinas... nagpapasalamat ako sa inyong walang-sawang pagsuporta sa rebolusyon.

ABAYAN

Mga kapatid... gaya ng alam ng marami sa atin, si Kapitan Daza ay siyang kinatawan ni Heneral Vicente Lukban dito sa timog-silangang Samar... Mag-uulat siya sa atin.

Ilalatag ni Daza sa sahig ang isang mapa ng Samar at Leyte.

28. KARUGTONG:

DAZA

Mga kapatid... Mapalad ang Balangiga sapagkat hanggang ngayon ay tinatamasa ninyo ang kalayaan. Subalit ang ibang mga bahagi ng Samar at Leyte ay naglililiyab.

ZOOM IN sa pangalan ng Catbalogan sa mapa.

DAZA (VOICE-OVER)

Noong isang taon, ang Catbalogan... na pinagkukutaan ni Heneral Lukban...

29. EXT. CATBALOGAN. ARAW. FLASHBACK.

MARIRINIG ang dagundong ng mga kanyon. Nagtatakbuhan ang mga tao sa kabayanan habang sumasabog at nasusunog ang mga bahay sa kanilang paligid.

Isang barkong Amerikano sa laot ang kumakanyon sa kabayanan ng Catbalogan.

DAZA (VOICE-OVER)

...ay binomba ng mga barkong Amerikano. Maraming kababayan natin ang namatay at nasugatan.

30. EXT. CATBALOGAN. GABI. FLASHBACK.

May hawak na mga sulo ang mga nakaunipormeng rebolusyonaryo at sinusunog nila ang mga pananim sa bukid. Ang namumuno sa panununog ay mismong si Heneral Lukban.

DAZA (VOICE-OVER)

Napilitang umatras sa kabundukan ang ating mga kababayan at ang mga tropa ng rebolusyon. Sa kanilang pag-atras, iniutos ni Heneral Lukban na sunugin ang kanilang mga pananim para huwag pakinabangan ng kaaway.

31. EXT. GUBAT. ARAW. FLASHBACK.

Nagsasagawa ng search-and-destroy operation ang ISANG PLATOON NG MGA SUNDALONG AMERIKANO. Papaalis sila sa isang sapa na pinapula ng dugo ng lima o anim na kalabaw na kapapatay lang nila. Kumikisay-kisay pa ang isa sa mga kalabaw.

May masasalubong silang BATANG LALAKI, 10, sakay ng kalabaw. Magugulat ang bata pagkakita sa mga Amerikano. Pababalikin niya ang kalabaw at patatakbuhan nang mabilis.

Babarilin ng isang Amerikano ang kalabaw. Sapul. Bagsak ang bata. Muli itong titindig at tatakbo. Hahabulin siya ng mga Amerikano.

Makakarating ang bata sa isang clearing na kinaroroonan ng kanyang AMA, INA at KAPATID NA DALAGITA. Ang ina at ang dalagita ay namimitas ng bungang-kahoy. Ang ama ay nagpuputol ng kahoy na panggatong at may hawak na sundang. Ang ina ay may nakasukbit ding sundang sa baywang.

Yayakap ang hinahabol na batang lalaki sa ina. Gitlang mapapatingin ang ama sa mga sundalo. Wala sa loob ay itataas niya ang kanyang kamay na may hawak na sundang.

Pagbabarilin ng mga sundalong Amerikano ang buong pamilya.

DAZA (VOICE-OVER)

Sa lahat ng dakong kanilang pinasok, ang kaaway ay naghasik ng lagim. Wala silang pakundangan. Bata't matanda, babae't lalaki, hayup at pananim... wala silang pinatawad.

32. EXT. TABING-DAGAT. GABI.

Hawak ang isang maruming timba, sumasalok ng tubig sa dagat ang isang sundalong AMERIKANO NA NAKASANDO AT SUSPENDERS.

33. INT. BARRACKS. GABI.

Nakaluhod sa sahig ang isang Pilipinong BIHAG, hubad ang pang-itaas at nakagapos ang mga kamay sa likod. Kasalukuyan siyang kinukuwestiyon at tino-torture ng MGA SUNDALONG AMERIKANO--suntok, sipa, kulata ng puluhan ng Krag.

Papasok ang Amerikanong sumalok ng tubig-dagat.

Susunggaban ng isang torturer ang buhok ng bihag, hihilahing pababa ang pang-itaas na bahagi ng katawan nito, sapilitang bubuksan ang bibig nito.

Maingat, dahan-dahan, ibubuhos ng sumalok ng tubig ang laman ng timba sa nakabukas na bunganga ng bihag.

Pagkatapos, sisikaran ng isa pang torturer ang tiyan ng bihag.

Lalabas ang tubig-dagat sa bibig at ilong ng bihag.

DAZA (VOICE-OVER)

Ang mga pinaghinalaan at ang mga nabihag ay dumanas ng matinding pahirap sa mga kamay ng kaaway.

34. INT. BAHAY NI ABAYAN: KUWARTO. GABI.

Nasa sahig pa rin ang mapa. Lilipat ang kamera sa pangalan ng Catubig.

DAZA (VOICE-OVER)

Malaki ang kalamangan ng kaaway sa baril at bala...

35. INT. KUBO. ARAW.

Isang grupo ng MGA BATANG LALAKI ang naglalagay ng pulbura sa mga basyo ng bala.

Sa bandang kusina, nananahi ang isang grupo ng MGA INA ng unipormeng rayadilyo.

DAZA (VOICE-OVER)

Pero nasa panig natin ang taong-bayan... nasa panig natin ang katarungan...

36. INT. GARRISON SA CATUBIG. ARAW.

Sinasalakay ng daan-daang Pilipino, GERILYERO at TAONG-BAYAN, ang garrison ng mga Amerikano sa bayan ng Catubig. Sundang at kutsilyo lamang ang armas ng mga Pilipino.

DAZA (VOICE-OVER)

...kung kaya ang matapang at buo ang loob ay nakakagawa ng paraan para lupigin ang mas malakas na kaaway.

Mahigit sa 30 ang MGA SUNDALONG AMERIKANO. Marami silang mababaril na Pilipino, pero sa dami ng sumasalakay sa kanila ay madadaig din sila. Mapapatay ang lahat ng Amerikano. Sasamsamin ng mga Pilipino ang mga armas at ammo sa loob ng garrison.

37. EXT. GARRISON SA CATUBIG. ARAW.

Itinataas ng isang gerilyero sa flagpole na kawayan ang bandila ng Pilipinas. Nasa paanan niya ang bandila ng Estados Unidos.

38. EXT. GUBAT. GABI.

Nagbabaón ang mga GERILYERONG PILIPINO ng mga pinatulis na kawayan sa loob ng isang hukay. Maingat na tatakpan nila ang hukay ng mga baging at dahon. Pagkatapos, mangangawala na sila sa kadawagan.

DAZA (VOICE-OVER)

Katulong natin pati na ang ating kagubatan. Binigyan tayo nito ng sandata at kanlungan.

39. EXT. GUBAT. ARAW.

ISANG ISKUWAD ng mga Amerikano ang dumadaan sa gubat. Putikan sila at mukhang pagod na pagod. May nag-aalis ng linta sa kamay at panay ang pagmumura.

Inaalalayan ng iba ang isang SUNDALONG AMERIKANO NA NASIRAAN NA NG ULO. Patawa-tawa ito at kung minsan ay bigla na lang luluhod at aalulong na parang aso.

Biglang mahuhulog sa hukay ang tatlong miyembro ng advance guard. Aalingawngaw sa kagubatan ang kanilang kahindik-hindik na sigaw.

39. KARUGTONG:

Kasabay nito, mamamaril mula sa mga itaas ng puno ang mga SNIPER na Pilipino. Tinitipid nila ang bala, kaya kailangang tiyak ang mga puntirya.

Mapapatay ang lahat ng Amerikano, liban sa isang nasiraan ng bait. Nakaupo ito sa tabi ng isang bangkay, humagulhol at humahalakhak.

Maglalabasan sa kadawagan ang iba pang gerilyerong Pilipino at sasamsamin ang mga Krag at ammo ng mga Amerikano. Titingnan lang nila ang sira-ulo. Pagkatapos ay muli silang maglalaho sa kadawagan.

DAZA (VOICE-OVER)

Sakop ng dayuhan ang bayan nating sagana sa likas na kayamanan, kung kaya kalaban natin ang nakapanghihinang gutom... Subalit sila... malayo sila sa sarili nilang bayan, kung kaya kalaban nila ang nakababaliw na lungkot.

40. EXT. GUBAT. GABI.

Ang Amerikanong nasiraan ng ulo ay nakasalampak sa lupa sa gitna ng mga duguang bangkay. Titingin siya sa buwan at aalulong.

41. INT. BAHAY NI ABAYAN: KUWARTO. GABI.

Nakaupo si Daza sa sahig sa harap ng nakabulatlat na mapa. Ituturo niya ang iba't ibang bahagi ng mapa.

DAZA

Borongan, Paranas, San Jose, Laoang, Catarman, Mataguinao, Sulat... sa mga bayan at baryong ito, naging matagumpay tayo. Pero ang kaaway ay patuloy at patuloy na nananalakay...

(saglit na katahimikan)

Hindi magtatagal ay darating siya dito sa Balangiga.

42. EXT. POBLASYON. GABI.

Piyesta ng Balangiga: banderitas, arko, perya, sari-saring paninda. Nagpapatrol sina Valê at Valdenor, kasama ang ILANG PULIS.

42. KARUGTONG:

SUPERIMPOSE TEXT:

**Agosto 10, 1901
Piyesta ni San Lorenzo Martir
Patron ng Balangiga**

Dadaan ang prusisyon, pabalik na sa simbahan. Nasa unahan si Padre Donato, hawak ang lalagyan ng insenso. Kasama si Duday Sana sa mga Damas de Maria na nangunguna sa prusisyon. Si Abayan ay isa sa apat na tagabuhat ng maliit na istatwa ni San Lorenzo Martir.

Bubuntot sa prusisyon sina Valê at Valdenor habang papasok na ito sa simbahan.

43. INT. SIMBAHAN. GABI.

Nagsesermon si Padre Donato mula sa pulpito. INTERCUT reaction shots.

PADRE DONATO

Paalala sa lahat... Sa darating na buwan, ipagdiriwang naman natin ang anibersaryo ng pagiging parokya ng Balangiga. Kuwarenta'y dos anyos na ang parokya sa Septiyembre beinte-siyete. Tulad ng dati ay magkakaroon tayo ng nobena bago sumapit ang petsang iyon...

Sa ngayon, minsan pa'y natapos na ang piyesta ni San Lorenzo Martir. Gunitain nating lagi ang katatagan ng pananampalataya ng ating patron. Hindi siya nanghina sa harap ng pagdurusa... Hindi siya natakot sa kamatayan... Nang sinusugba siya ng mga pagano, habang nakahiga sa nag-aapoy na baga ay sinabi ni San Lorenzo Martir sa mga malulupit na nagpapahirap sa kanya: "Baligtarin na ninyo ang aking katawan. Luto na ang aking likod."

44. INT. KAMPANARYO. MADALING ARAW.

Kinakalembang ni Vicente ang pinakamalaking kampana ng simbahan.

45. EXT. TABING-DAGAT. MADALING ARAW.

Nagkakagulo ang mga tao, may tinatanaw sa laot. Si Padre Donato ay nasa harapan ng kumpulang ito. Sisingit sina Valê at Abayan para makarating sa harapan.

Sa laot, dumarating ang barkong *Liscum*, isang dating buque de guerra ng mga Espanyol na niretoke at ngayo'y ginagamit ng mga Amerikano.

Magkakatinginan sina Valê, Abayan at Padre Donato.

46. INT. LISCUM. MADALING ARAW.

Nasa deck ng barko at nakatanaw sa pampang ang mga opisyal at tauhan ng Company C--Kapitan Connell, Major Griswold, Lieutenant Bumpus, Sergeant Frank Betron, Red Considine, Tenyente Macabebe, Francisco. Kasama sa kumpulang ito sina WILLIAM DENTON, GEORGE MEYER, CHARLES MARAK, WILLIAM GIBBS, F. SCHECHTERLE, SERGEANT GEORGE MARKLEY. May bitbit na trumpeta si Meyer, na wala pang 20 anyos.

Humigit-kumulang sa 77 katao ang mga opisyal at tauhan ng Company C na lalapag sa Balangiga.

BUMPUS

We're really in Goo-goo Land now, boys.

47. EXT. DAGAT. UMAGA.

Naglalakad sa tubig ang advance guard (Betron, Gamlin, Denton), ang mga opisyal (Connell, Bumpus, Griswold) at ang mga muchachong Pilipino (Macabebe, Francisco). Abot-tuhod ang tubig sa kasalukuyang kinaroroonan ng mga ito, pero basa sila hanggang baywang.

Sa likuran nila ay matatanaw ang nakadaong na *Liscum*. Kasunod nila, naroon pa sa parteng abot-baywang ang tubig, ang mga sundalong buhat-buhat sa balikat ang mga baril, ammo, rations at iba pang supplies.

Parang Leyte landing nina MacArthur ang paglakad ng pangkat ni Connell sa mababaw na parte ng dagat.

Mapapansin ni Bumpus ang mga arko at banderitas na tira-tira ng nakaraang piyesta.

47. KARUGTONG:

BUMPUS

Hey! A welcome arch! Buntings! Looks like they love us here.

CONNELL (sarkastiko)

Happens all the time. They love us to death in the daytime, and at night they're goddamn insurrectos sharpening their knives.

48. INT. TABING-DAGAT. UMAGA.

Si Padre Donato ang unang lalapitan ni Connell pagdating sa pampang.

CONNELL

Hello, Padre. This here is Company C of the Ninth Regiment, U.S Army. I'm Captain Thomas Connell and I'm in command.

MACABEBE

Padre, siya po si Kapitan Thomas Connell, ang pinuno nitong Compañía Ce, Regimiento Nueve ng Ejercito de Estados Unidos.

CONNELL

Tell him we need quarters for our men.

MACABEBE

Kailangan po namin ng, ano... himpilan... matutuluyan.

Hindi na hihintayin ni Connell ang pagsasalin ni Macabebe. Tuloy-tuloy siya ng lakad papuntang plaza.

49. EXT. PLAZA. ARAW.

Pag-aaralan nina Connell, Bumpus, Betron at Markley ang layout ng plaza. Titingnan nilang mabuti ang mga bahay na malapit sa plaza.

Ituturo ni Connell ang kumbento, ang munisipyo, at dalawang malaki-laking bahay na malapit sa plaza--ang mga bahay ni Custodio Salazar at ni Andronico Balais.

50. INT. MUNISIPIO. ARAW.

Ang munisipyo ang gagawing armory ng Company C.

Umaakyat sa hagdan ang mga sundalong Amerikano na may mga bitbit na baril, masinggan, kahon ng bala, saka ilang teheras. Si Bumpus ang nangangasiwa sa trabahong ito. Kabilang si Gamlin sa mga nagbibitbit ng baril.

Sa ikalawang palapag, isaayos ng mga sundalo ang mga dala-dalahan nila.

Lihim na nagpupuyos sina Valê, Abayan at Valdenor habang ibinababa ang kanilang mga mesa at abubot. Hindi man lang sila pinapansin ng mga Amerikano.

Magkakatinginan ang tatlong Pilipino, at kahit hindi nag-uusap ay tahimik na ipapasiya nilang sila na mismo ang magbababa ng kanilang mga kagamitan.

51. INT. BAHAY NI BALAIS. ARAW.

Dito naman pupuwesto ang platun na pinamumunuan ni Sarhento Betron. Kasama sa grupong ito sina Red Considine at William Gibbs.

Nasa kusina si Considine at tinitingnan ang kalan at mga palayok. Nagpapasok ang kanyang mga kasamahan ng sako-sakong patatas at iba pang food supplies.

BETRON (kay Considine)
Red, tell the boys where you want them to
dump all these goddamn potatoes.

52. INT. BAHAY NI SALAZAR. ARAW.

Dito titira ang platun na pinamumunuan ni Sarhento Markley. Kasama sa grupong ito sina Denton at Meyer, saka isang sundalong tatawagin nating DICK.

Nagbubuklat at naghihilera ng mga teheras ang mga sundalong Amerikano. Mukhang gagong nakatunganga si Salazar at ang kanyang PAMILYA, kabilang ang isang anak na DALAGITA.

Nakangising kikindatan ni Dick ang dalagita, sabay kalabit sa baba nito.

DICK
Hello there, beautiful!

52. KARUGTONG:

Takot na mapapaatras ang dalagita at magtatago sa likod ng ama. Galit na kokomprontahin ni Denton si Dick.

DENTON

Don't you ever do that again.

DICK (depensibo)

I was just being friendly.

DENTON

You're not in Iowa, Dick. Customs here... they're different.

Magkikibit-balikat si Dick at lalayo na lang. Lalapit si Denton kay Salazar at bahagyang tutungo sa harap nito.

DENTON

I'm sorry, señor. I don't know if you comprende, but I apologize for the behavior of my amigo here. Excusa, excusa.

Tutungo rin si Salazar, pero halatang nagpupuyos ang kanyang kalooban.

MARKLEY

Denton, get over here. You too, Dick. Get to work!

53. INT. ESKUWELAHAN. ARAW.

Pinalalabas ng mga Amerikano ang GURO at ang kanyang MGA ESTUDYANTE mula sa isang klasrum. Kabilang sa mga estudyanteng ito sina Vicente at Juanito. Kabilang sa mga Amerikano si Schechterle at isa pang sundalong tatawagin na lang nating GEORGE.

Habang inilalabas ang mga upuan ng mga estudyante ay ipinapasok naman ang ilang kagamitan ng mga Amerikano, tulad ng mga tent, pala, balde. Brusko si George sa pagpapalabas ng mga bata. Babatukan niya si Juanito.

SCHECHTERLE

Hey, take it easy! These are kids.

GEORGE

Kids! These googoo kids are old enough to stick a bolo up your ass, man.

54. INT. KUMBENTO. ARAW.

Dadaan si Griswold, nagpapasok sa isang kuwarto ng kanyang backpack at doctor's bag.

Nakaupo si Connell sa tabi ng pinto ng kuwarto, sa silyang nililok ni Abanador at iniregalo kay Padre Donato. Hindi suot ni Connell ang pang-itaas ng uniporme niya. Minamasahe ni Francisco ang kanyang likod. Nakatayo si Macabebe sa kanyang tabi, si Padre Donato sa kanyang harap.

CONNELL (kay Macabebe)
Go on, tell him.

MACABEBE
Padre, ipinag-uutos ni Capitan Connell: tipunin ninyo ang taong-bayan sa plaza bukas. Ang lahat ay kailangang gumawa ng panunumpa ng katapatan sa Estados Unidos de America.

PADRE DONATO
Ano?!

55. INT. BAHAY NI ABAYAN. GABI.

Nagpupulong ang mga opisyal ng munisipyo at iba pang miyembro ng prinsipalya ng Balangiga--Abayan, Valê, Valdenor, Salazar, Balais, Duran at Duday Sana. Katatapos lamang ng paliwanag ni Padre Donato.

ABAYAN
Sinakop na nga nila ang munisipyo, gusto nilang humalik pa ako sa kanilang paa.

SALAZAR
Ang bahay ko rin, ginawa na nilang kuwartel.

BALAIS
Sa amin din. At ni wala silang binabanggit na upa.

PADRE DONATO
Hindi lang naman kayo. Pati ang kumbento. Pero makakatangi ba tayo?

Saglit na katahimikan.

55. KARUGTONG:

VALÉ

Talaga bang nahuli na si Presidente Aguinardo?

PADRE DONATO

Iyon ang sabi ni Kapitan Connell. Ang kanyang tropa daw mismo ang guwardiya ni Presidente Aguinardo sa Maynila.

VALÉ

At nanumpa nga ba siya ng katapatan sa Amerika?

DURAN

Kasinungalingan! Puro kasinungalingan! Sabi ni Kapitan Daza, ikinakalat ng mga Amerikano ang ganyang mga kasinungalingan para manghina ang ating loob.

(pakutya)

Na siya na ngang nakikita kong nangyayari ngayon!

VALÉ (nagpupuyos pero nagpipigil)

Dahan-dahan ka ng pagsasalita, Sarhento.

VALDENOR (kay Duran)

Ano ang gusto mong palabasin--na umuurong ang mga bayag namin?

VALÉ (kay Duran)

At ano ang gusto mong mangyari? Pandilatan natin ang mga riple ng Yanqui at sabay-sabay tayong sumigaw ng: Hindi puwede!

DURAN (may himig pagbabanta)

Gusto ko lang ipaalala sa lahat ang ginawa ni Heneral Lukban sa mga lugar na masyadong naging mapagkaibigan sa kaaway.

Muli, matatahimik ang lahat.

ABAYAN

May mungkahi ako. Susulat tayo kay Heneral Lukban...

56. INT. KUWEBA. GABI.

May hawak na sulo si Duran, iniilawan si Lukban habang binabasa nito ang isang liham. Naka-parade rest si Daza.

ABAYAN (VOICE-OVER)

Sa isang pulong ng mga principales ng Balangiga, napagkasunduan namin ang isang mapagkunwaring patakaran ng pakikitungo sa kaaway...

57. EXT. PLAZA. ARAW.

Nagwawagayway ang bandilang Amerikano mula sa isang kawayang flagpole. Nakatayo si Connell sa harap ng flagpole, nakataas ang kanang palad, bumibigkas ng oath of allegiance. Tulad ng dati, si Macabebe ay nasa tabi ni Connell at nagsasalin.

Nasa plaza ang mga opisyal ng munisipyo at iba pang miyembro ng prinsipalya. Nakaharap sila kay Connell at sumusunod sa mga kataga ng panunumpa na naririnig nila kay Macabebe.

Sa mga gilid-gilid ng plaza, nanonood ang taong-bayan. Alerto sa pagtatanod ang mga sundalong Amerikano.

ABAYAN (VOICE-OVER)

Gagawin namin ang anumang ibigin nila... at pagdating ng angkop na okasyon ay mag-aalsa ang taong-bayan laban sa kanila...

58. INT. SIMBAHAN: SAKRISTIYA. ARAW.

Nagbibihis si Padre Donato para magmisa. Kinakausap siya ni Connell.

CONNELL

I'm sorry, but I really have to take up some more of your space, Padre. But don't worry. I'm Irish, I'm Catholic, and I'm on your side.

MACABEBE

Huwag kayong mag-alala, Padre Donato. Katoliko si Kapitan Connell. Igagalang niya ang inyong simbahan.

59. INT. SIMBAHAN. ARAW.

Nasa pulpito si Connell. Nakatayo sa ibaba ng pulpito si Macabebe.

CONNELL
People of... what the...

Muntik na niyang sambitin ang "what the hell," pero biglang maaalaalang nasa loob siya ng simbahan.

CONNELL
...heck is the name of this place anyway?

MACABEBE
Mga mamamayan ng Balangiga...

Nasa loob ng simbahan ang maraming taong-bayan-- kababaihan, mga bata at matanda sa harapan, kalalakihan sa likuran. Nakatayo sina Valê at Valdenor sa may labas ng side chapel na kinalalagyan ng imahen ni San Lorenzo Martir. INSERT REACTION SHOTS.

CONNELL
First, let me remind everyone that the entire country is now under the jurisdiction of the United States of America...

MACABEBE
Paalala po lamang. Ang Pilipinas ay kasalukuyang nasa ilalim ng kapangyarihan ng Estados Unidos de America...

CONNELL
... and therefore all able-bodied men eighteen years old and above are required to pay a tax of twenty centavos.

MACABEBE
... at ang lahat ng lalaki mula sa edad na disiotso ay kinakailangang magbayad ng buwis na veinte centimos.

Magkakatinginan ang mga tao sa loob ng simbahan, magsisimulang magbulungan.

CONNELL
Let me hasten to assure you that we come in peace. We come not as conquerors, but as friends.

59. KARUGTONG:

MACABEBE

Ang hangad namin sa pagparito ay
pagkakaibigan at kapayapaan.

CONNELL

As our great president, William McKinley,
has said, our noble goal in the Philippine
Islands is benevolent assimilation.

MACABEBE

Dakila ang layunin ng Estados Unidos.
Hinahangad ni Presidente William McKinley
ng Amerika ang kagalingan ng Islas
Filipinas.

CONNELL

President McKinley prayed long and hard,
and came to the decision that it is our
solemn duty to civilize and Christianize
the Philippine Islands!

Saglit na mapapaligon si Macabebe kay Padre Donato,
na nakatayo sa malapit sa altar.

60. INT. KAMPANARYO. DAPITHAPON.

Kinakalembang ni Juanito ang pinakamalaking kampana.

61. EXT. KALSADA. DAPITHAPON.

Hihinto sa paglalakad ang mga taong-bayan at
magdadasal ng orasyon. MARIRINIG ang simula ng dasal
sa Waray. Susunod ang boses ni Bumpus.

BUMPUS (VOICE-OVER)

My dear Father... You can imagine what an
out-of-the-way place this is...

62. INT. KUMBENTO. GABI.

Sa liwanag ng aandap-andap na kandila, nagsusulat si
Bumpus ng liham sa kanyang pamilya.

BUMPUS (VOICE-OVER)

We are on the southern coast of Samar, and
are stationed here to keep this small port
closed and allow no trading...

63. EXT. PLAZA. GABI.

Si Meyer ay tutugtog ng taps sa kanyang trumpeta, hudyat na dapat nang magpatay ng ilaw ang mga sundalong Amerikano.

64. INT. KUMBENTO. GABI.

Saglit na pakikinggan ni Bumpus ang tugtog. Papatayin niya ang kandila. Muling MARIRINIG ang kanyang voice-over.

BUMPUS (VOICE-OVER)

We get the sea breezes, and there are no mosquitoes. In fact, I feel better here than I did in Manila...

65. EXT. NIYUGAN. ARAW.

Ang mga batang dati'y tinuturuan ng arnis ni Valê ay tinuturuan ngayon ng baseball nina Red Considine at Denton. Nakaguardiya ang ilang armadong sundalo. Si Francisco ang nagsisilbing interpreter. Masaya ang mga batang Balangigan-on. Nanonood sina Valê, Valdenor at Duran.

66. INT. SIMBAHAN: CHOIR LOFT. ARAW.

Sa balkonahe sa likuran ng mga lumang simbahan, nagpapraktis ang koro ng isang awiting Latin. May nagpapatugtog ng organ. Si Duday Sana ang kumukumpas. Papatapos na ang praktis.

DUDAY SANA (sa mga miyembro ng koro)

Medyo nahihirapan tayo sa matataas na nota.
Bukas, kailangang maayos na natin iyan.

Habang sinasamsam ang lyric sheets, mapapansin nina Duday Sana na may nakatayo sa pintuan ng choir loft: si Sarhento Betron. Pararaanin ni Betron ang mga papaalis na miyembro ng koro. Magpapahuli si Duday Sana.

DUDAY SANA (puntong Pilipino)

Hello. Catholic?

Iiling si Betron at agad ding mapapatigil, mahahalata na Ingles ang sinalita ni Duday Sana.

66. KARUGTONG:

BETRON
You speak English?

DUDAY SANA
Small only. British traders come here. They buy copra. I learn Ingles. Un poco, no mas. Un poquito.

BETRON
Hey, that's great. You want to practice your English, you've got a teacher right here.

67. INT. SIMBAHAN: KUWARTO NG MGA SANTÓ. GABI.

Inaayos nina Abayan at Duday Sana ang damit ng mga santó. Katatapos lang sermunan ni Abayan si Duday Sana. Nakabantay sina Valê at Duran. Mahina ang boses ng lahat. Sinisikap nilang huwag isipin ng sinumang makakakita na nagtatalo sila.

DUDAY SANA
Kinausap ko lang naman siya. Kasalanan ba iyon?

ABAYAN
Hindi ko sinasabing kasalanan. Pero hindi magandang tingnan na ang isang babaeng katulad mo... miyembro pa naman ng Damas de Maria... ay nakikipag-usap sa lalaking dayuhan.

DUDAY SANA
Paano kung kinakausap ako. Tatakbo na lang ako at magtatago?

ABAYAN (nanunumbat)
Ang balita ko, ikaw ang unang kumausap. Ikaw.

Hindi makakasagot si Duday Sana. Ipagtatanggol siya ni Valê.

VALÉ
Teka muna. Akala ko ba'y may patakaran tayo na magpanggap muna... makitungo nang maganda... at pagdating ng araw...

67. KARUGTONG:

DURAN

Hindi na pagkukunwari ang nakikita ko.
Mukhang nahuli na ng kaaway ang loob ninyo.

VALÊ

Mababait naman sila sa atin. Oo, ayaw
nating lahat na sakupin ng dayuhan ang
ating bayan. Ayoko rin niyan. Pero kung
iyong tao mismo ay ngumingiti sa akin,
kabastusan naman yata kung duraan ko siya.

68. EXT. MUNISIPYO. ARAW.

Isang potograpong Amerikano ang nagpaayos sa mga
sundalong kukunan niya ng group photo. Masaya ang mga
lilitratuhan. Nakaupo sa harapan si Francisco,
napapagitnaan nina Vicente at Juanito.

Nanonood si Valê sa may pinto ng munisipyo. Kakawayan
siya ni Denton at pasasamahin sa retrato. Iiling si
Valê, pero lalabas sa hanay si Denton. Hihilahin niya
si Valê at patatayuin sa tabi niya sa pinakalikuran.

Magtatalukbong ang potograbo sa likod ng kanyang
kamerang may mataas na tripod. Flash ng kamera.

INSERT: Black-and-white photo.

69. EXT. NIYUGAN. ARAW.

Ibang araw na ito. Si Valê naman ang nagtuturo ng
arnis kina Denton, Gamlin at Betron. Nanonood si Duday
Sana at ang mga batang estudyante ni Valê. Gaya-gaya
kay Valê, tinuturuan naman nina Vicente at Juanito si
Francisco.

Sa di-kalayuan, nanonood si Duran na mukhang hindi
masaya sa nangyayari.

Sign language ang usapan ng lahat, bagamat paminsan-
minsan ay makikitang kinokonsulta ng mga Amerikano si
Francisco, na nagsisilbing interpreter.

Aakyat sa puno ng niyog si Gono Nacionales, ang
kapatid ni Duday Sana, at maghuhulog siya ng buko mula
sa itaas. Gagamit ng itak si Vale para butasan ang
ilang buko. Ipapakita niya sa mga Amerikano kung paano
iniinom ang buko juice. Gagaya si Denton.

70. EXT. TINDAHAN NI CATALINA. GABI.

Tuba naman ngayon ang nilalagok ni Denton, deretso mula sa mahabang lalagyang buho.

Si Denton ay nasa tindahan ni Catalina. Pinapalalpakan siya ng kanyang mga kainuman--sina Gamlin at Betron, Valê, Valdenor, Gono, Graciano at Paciano. Tuba ang iniinom ng lahat, at masaya ang inuman kahit hindi sila nagkakaintindihan.

Ipapahid ni Denton ang bibig sa manggas ng kanyang uniporme habang ipinapasa ang buho kay Betron.

DENTON (kay Betron)
Man! This is hell on fire!

VALDENOR
Sumsuman! Kailangan natin ng sumsuman!

VALÉ
Catalina, ang sasing.

Iaabot ni Catalina ang isang mangkok ng sasing, mga buhay na lamang-dagat na mukhang uod. Ipapakita ni Valê ang laman ng mangkok kay Betron, na siyang mayhawak ngayon ng lalagyan ng tuba.

BETRON
What the hell is that?

VALÉ
Sasing. Sumsuman.

GAMLIN (makikitingin)
Oh, Gawd! Live worms!

BETRON
What do you want me to do?

Imumuwestra ni Valê ang pagdakot at pagsubo.

BETRON (tigas ang iling)
What?! No, sir, you're not gonna make me do any such thing. No, sirree! No! I may be a sonofabitch, but I'm not a crazy sonofabitch!

Matatawa ang mga Pilipino sa inaasta ni Betron.

70. KARUGTONG:

Kukuha si Valê ng isang dakot ng sasing. Isusubo at kakainin niya iyon, saka kukunin ang lalagyan ng tuba mula kay Betron at tutungga. Nakangangang mapapatingin ang mga Amerikano.

DENTON (hihinga nang malalim)
Well, as the saying goes: When in Rome... you gotta try anything once.

Lakas-loob na dadakot din siya at kakain ng sasing, saka tutungga ng tuba. Palakpakan ang mga Pilipino.

GAMLIN (diring-diri)
Gawd!

Tatakbo si Gamlin sa gilid ng tindahan at susuka sa mga halaman.

Sasayaw si Denton na parang American Indian, pasigaw-sigaw na ipinapaypay ang kamay sa harap ng bibig. Lalong magtatawanan ang mga Pilipino.

DENTON
Wooo-wooo-wooo!

71. INT. KUMBENTO. GABI.

Naglalaro ng chess sina Bumpus at Padre Donato, habang nagmimiron sina Griswold at Macabebe. Nakaupo sina Connell at Markley sa di-kalayuan, umiinom ng whisky.

CONNELL (kumakanta)
*When Irish eyes are smiling
Their hearts are warm and gay...*

Papasok sina Denton, Gamlin at Betron, hilo pa pero medyo nahimasmasan na, kasunod ang tatlong miyembro ng military police na humuli sa kanila. Titigil sila sa harap ni Connell, tatayo nang at attention, at sasaludo.

CONNELL
At ease!

Tatayo si Connell, hawak ang bote ng whisky, at isa-isang tititigan ang tatlong lasenggo. Medyo may tama na rin si Connell. (Ang bigkas ni Connell sa tuba sa sumusunod na diyalogo ay bigkas ng salitang Ingles na *tuba*, ang musical instrument.)

71. KARUGTONG:

CONNELL

So! I see you boys been consorting with the goo-goos again, eh? Good, good. We need to win hearts and minds around here. But... partaking of that treacherous tuba? Stick to Irish whiskey, boys. There's plenty of this in the mess room. And you get a clean, patriotic American hangover.

(sa mga MP)

Raising a ruckus?

MP 1

Not really, sir. But they left their Krag's unattended while carousing.

CONNELL (sa mga lasenggo)

Left your Krag's unattended! Sergeant Betron, I am amazed! You are a person in authority here, and you let this happen? Boys, remember... these rifles are your best friends. Never, never leave them unattended when you're out with the goo-goos! You could end up at the receiving end of your own Krag, boys! You never know if there's someone in the vicinity who's a spy for General Vicente Lukban. That Lukban, he's a real mean hombre! Right, Padre?

Ibinubulong ni Macabebe kay Padre Donato ang salin ng sinabi ni Connell. Tatango-tango ang pari.

CONNELL

He wants the Roman Catholic church... of which I am a communicant, by the way... he *demands* that the Roman Catholic church pay revolutionary taxes! Lukban's replacing every priest on Samar with his own men! A real mean hombre! A Freemason to boot!

May biglang maalala si Connell.

CONNELL

Oh, am I hurting your feelings, Private Denton? I know you're a Freemason, too. But you're all right, boy. You're no ladron, are you? And you're an *American* Freemason. That's an important distinction.

Titindig si Connell at aakbayan si Denton.

71. KARUGTONG:

CONNELL

When we get to the boondocks and we come face to face with General Vicente Lukban, I shall give you the privilege of personally blowing his brains out.

(sa mga MP)

Give them a cold shower.

(sa mga lasenggo)

All right, men. Evaporate!

72. EXT. MUNISIPYO. GABI.

Sa gilid ng munisipyo ay may improvised shower stall. Ayon sa isang liham ni Bumpus, ang main feature nito ay "a large tin can which is hoisted above the head, through small holes in the bottom of which the water pours in a shower."

Nasa ilalim ng lata si Denton, nagsa-shower. Ang ibabang bahagi lang ng katawan niya ang natatakpan ng pinto ng shower stall.

73. INT. KUMBENTO. GABI.

Nagsusulat na naman si Bumpus.

BUMPUS (VOICE-OVER)

We only have seventy odd men in Balangiga...

74. EXT. PLAZA. GABI.

Si Schechterle ang nakaposisyon sa isang guardhouse, samantalang sina George at Dick ang mga guwardiyang rumoronda.

Sinusundan nila ng tingin ang isang pangkat ng mga mangingisda na kinabibilangan nina Graciano at Pancrasio. Papunta ang mga mangingisda sa tabing-dagat, at pagdating doon ay isasakay nila ang kanilang mga lambat, ilulunsad ang kanilang mga baloto. May mga itak na nakasukbit sa tagiliran ng bawat isa.

74. KARUGTONG:

BUMPUS (VOICE-OVER)

We keep constantly on the alert with bayonets fixed, magazines loaded... There are insurrectos in the mountains, but there is not much to be feared from rifles in the town. Still, every man carries a bolo, which is a nasty weapon at close quarters...

75. EXT. BARYO NG BALANGIGA. ARAW.

Namamaril ang ilang sundalong Amerikano ng mga manok at baboy sa ilalim ng isang kubo. Sasamsamin nila ang kanilang pinamaril. Lalabas ang MAYBAHAY na may-ari ng manok at baboy. Maghihisterikal ito. Pagtatawanan lang siya ng mga sundalong Amerikano.

BUMPUS (VOICE-OVER)

As we never go without arms, and hardly ever alone, no native is liable to bother an American soldier if he values his health...

76. EXT. TABING-ILOG. GABI.

Nakaupo si Denton sa malaking bato, palinga-linga habang naghuhubad ng sapatos.

Nasa pampang ang dalawang sapatos na nakaharap sa tubig. Nakayapak na lumulusong sa ilog si Denton, kumpleto ang uniporme at hawak ang kanyang Krag.

Sa di-kalayuan, isang baloto ang papalapit sa kanya, sakay ang tatlong Pilipino na nababalot ng anino. Sa liwanag ng buwan ay maaaninag natin ang isa sa mga Pilipino--si Duran.

77. EXT. TABING-ILOG. ARAW.

Pinagmamasdan ni Connell ang sapatos na iniwan ni Denton sa tabing-ilog. Kasama niya si Francisco, saka ilang sundalo sa pamumuno ni Sergeant Markley.

CONNELL

I knew he couldn't be trusted. Damned Freemason!

78. INT. MESS HALL. ARAW.

Oras ng pananghalian. Nagsisilbi ang mga cook na sina Red Considine, GUSTAVE SCHNITZLER at MELVIN WALL, katulong ang ilang Pilipinong kitchen orderly na kinabibilangan ni GRACIANO BALCOS. Maingay ang usapan ng mga sundalo.

Tahimik na kumakain si Schechterle sa isang sulok, nababahala sa kanyang mga naririnig.

SUNDALONG AMERIKANO 1
He loved that devil tuba too much, Will Denton did.

SUNDALONG AMERIKANO 2
And ate those nasty worms too.

SUNDALONG AMERIKANO 3
I heard he raped a sixty-five-year-old goo-goo woman.

MGA KATABING SUNDALO
What?! ... Sixty five!? ... You gotta be kidding.

SUNDALONG AMERIKANO 3
That's what I heard. Maybe the jungle heat kinda blurred his vision.

SUNDALONG AMERIKANO 1
He deserted. I'm sure he deserted. Like that nigger whatsisname, up north. Fagan, I think his name was. David Fagan. Went over to Aguinaldo's army.

SUNDALONG AMERIKANO 3
Jungle heat.

79. INSERT

Shots ng mga peryodikong nagbabalita sa pagkakabari kay Presidente William McKinley ng Estados Unidos (September 6, 1901) at ang kanyang pagkamatay (September 14, 1901).

80. INT. GARRISON SA BASAY, LEYTE. ARAW.

Nasa harap ng isang mesa si Bumpus, ipinapasok sa duffel bag ang mga liham na galing sa Amerika. Lalapitan siya ng garrison commander, si CAPTAIN EDWIN BOOKMILLER.

BOOKMILLER

Heard the news from the States? President McKinley's dead.

BUMPUS (masa-shock)

No!

BOOKMILLER

Got shot by some crazy anarchist early this month. Died last week.

BUMPUS

God! Captain Connell is going to be devastated. He thinks the world of President McKinley.

BOOKMILLER

So now we've got Teddy Roosevelt in the White House... And what's the news from your end? I heard something about a deserter.

BUMPUS

My guess is, the guy was crazed with tuba, and he's probably dead in the woods by now.

BOOKMILLER

Farm boys! You're a Harvard man, Lieutenant, but our army... we've got an army of farm boys, and this is their first time out of the farm, and a lot of them are going crazy. But war does that to people, not just to farm boys. And we're at war, Lieutenant Bumpus, don't you forget that. Colonel Foote's men just got bushwhacked, while repairing telegraph lines. And only last week, our garrison in Gandara town got attacked by the insurrectos...

BUMPUS

Yes, we heard about that.

80. KARUGTONG:

BOOKMILLER

Well, give my regards to Captain Connell.
And you tell him, he'd better lay off the
Irish whiskey himself. You too, Lieutenant.

Magtatawanan sina Bumpus at Bookmiller.

BUMPUS

Which reminds me. I believe, along with the
mail, we have a new shipment of whiskey for
the men.

81. INT. BAHAY NI BALAIS. GABI.

Habang ipinapasok ng mga kasama niya ang mga supplies
mula sa Basay, Leyte--pagkain, sarisaring kagamitan,
ilang kahon ng whiskey--ipinamumudmod ni Bumpus ang
mga liham mula sa duffel bag. Binabasa niya ang
pangalan sa bawat sobre, at pagkatapos ay iaabot ang
liham sa taong tinawag.

BUMPUS

Private George Meyer... Sergeant George
Markley... Sergeant Frank Betron... Private
Richard Considine... Private Charles Marak...
Private William Gibbs... Private Henry
Manire...

Matatapos ang pamimigay ng sulat at maiiwan sa
Schechterle sa harap ni Bumpus.

BUMPUS

I'm sorry, Private Schechterle.

Hindi sasagot si Schechterle. Mananatili siyang
nakatayo at nanlulumo sa harap ni Bumpus, habang
masayang nagbabasa ng liham at nagbabalitaan ang iba
pang sundalo.

Biglang uuga ang lupa. Mabibigla ang lahat.

BUMPUS

What was that?

82. INT. KAMPANARYO. GABI.

Gagalaw nang marahan at tutunog nang mahina ang mga
kampana, kahit walang tao sa kampanaryo.

83. INT. KUMBENTO. GABI.

Nagbabagsakan ang chess pieces sa harap ng naglalarong sina Padre Donato at Griswold.

PADRE DONATO
Lindol!

GRISWOLD
Earthquake?

PADRE DONATO
Un terremoto...

Ngingiti na lang si Griswold, hindi naintindihan ang sinabi ni Padre Donato pero nakakasigurong lindol nga ang kanyang naramdaman.

Saglit lang ang unang bugso ng lindol. Pagkatapos ay titingnan ni Griswold ang chess pieces na nagkalat sa chess board.

Bagsak ang malalaking piyesa, pero nakatayo pa rin ang maraming maliliit na pawns.

84. EXT. BAHAY NINA MARIA ACEDILLO. GABI.

Naglabasan sa kalye ang mga taong-bayan, kabilang sina Valê, Maria Acedillo at ang ina ni Maria.

INA NI MARIA
Masamang signos ito. Masamang signos...

Susunod ang isa pang tremor.

MARIA
Ayan na naman!

Yayakap ang mga bata sa kanilang mga ina. May sanggol na iiyak. Mapapakapit si Maria sa braso ni Valê.

Makikita ng ina ni Maria ang pagkapit ni Maria sa braso ni Valê. Tiim-bagang, pandidilatan ng ina si Maria.

INA NI MARIA (nagbababala)
Maria Acedillo!

Mapapahiyang bibitiw si Maria sa braso ni Valê.

84. KARUGTONG:

INA NI MARIA (iiling-iling)
Masamang signos...

85. EXT. GUARDHOUSE. GABI.

Sentry duty na naman si Schechterle, nakaupo sa kanyang puwesto. Titingin siya sa tahimik na kapaligiran. Makikita niya sa di-kalayuan ang dalawa pang guwardiya. Ang isa'y nakaupo sa kanyang puwesto, nagbabasa ng sulat sa liwanag ng kandila. Ang isa pa'y naglalakad sa direksiyon ng dagat, nakatalikod kay Schechterle.

Ikakasa ni Schechterle ang kanyang Krag, itututok ito sa gitna ng kanyang noo, kakalibitin ang gatilyo.

Sa pag-alingawngaw ng PUTOK, mabilis na iikot ang guwardiyang naglalakad, sabay kasa ng kanyang riple, handang makipagpalitan ng putok sa mga insurekto. Manlalaki ang mga mata niya sa kanyang makikita.

86. EXT. SEMENTERYO. ARAW.

Tumutugtog ng taps si Meyer sa kanyang trumpeta. Nakatayo sina George at Dick sa tabi ng hukay na katatapos lang nilang tabunan ng lupa. Nagdadasal sa Latin si Padre Donato. Kasama sa mga nakipaglibing sa panig ng mga Amerikano sina Connell, Griswold, Bumpus, Betron, Macabebe at Francisco, at sa panig ng mga Pilipino sina Valê, Abayan at Duday Sana, at ang mga batang sina Vicente at Juanito.

Panay ang palis nina Connell ng mga langaw na lulutang-lutang sa harap ng kanilang mga mukha.

Matatapos ang tugtog ng taps. Magsisimulang umalis ang lahat sa libingan.

CONNELL

Where are all these goddamn flies coming from?

GRISWOLD

Lots of filth around. People just drop their trash under their huts, for the pigs and chickens to eat.

86. KARUGTONG:

CONNELL

Jesus! Don't these people know there's a cholera epidemic going around the island?

(kay Bumpus)

Lieutenant, remind me to issue an order. We gotta teach these goddamn goo-goos that cleanliness is next to godliness.

87. EXT. TINDAHAN NI CATALINA. GABI.

Nakaupo sina George at Dick sa labas ng tindahan, umiinom ng tuba, hawak ang riple sa isang kamay at ang baso sa kabila. Lasing na lasing na ang dalawa, at naghahagikhikan habang kumakanta ng isang awiting popular sa mga sundalong Amerikanong nadeestino noon sa Pilipinas.

GEORGE AT DICK

*Damn, damn, damn the Filipinos!
Cutthroat khakiac ladrones!
Underneath the starry flag,
Civilize them with a Krag,
And return us to our beloved home.*

(RESEARCH: CHECK THE TUNE OF THIS "POPULAR BARRACKS DITTY.")

Sa pamamagitan ng sign language ay imumuwestra ni Catalina na magsasara na ang tindahan.

GEORGE (titindig)

No, no, no! Ain't closing time yet, señorita. Dick, are we going to let the lovely señorita close shop?

DICK (itataas ang baso)

Señorita, my buddy George here, he says we ain't ready to go home. What he says goes. So pour us another round, all right?

Lalabas si Catalina sa tindahan, may dalang damajuana, at magbubuhos ng tuba sa baso ni Dick. Hahaplusin ni Dick ang puwit ni Catalina.

DICK

And give us a kiss, little lady.

Mapapaigtad si Catalina, at sa galit ay sasabuyan ng tuba si Dick. Sapul ito sa mukha at dibdib.

87. KARUGTONG:

CATALINA
Bastos!

Tatayo si Dick, galit na galit.

DICK
Goddamit! Look what you've done!
(susunggaban si Catalina sa pulso)
I'll teach you, you little vixen!

Titili si Catalina habang nagpupumiglas, pero hindi siya bibitiwan ni Dick. Hihilahin siya ni Dick na may tangkang humalik.

Mula sa kubo na karugtong ng tindahan, dudungaw ang mga kapatid ni Catalina, sina Graciano at Pancrasio. Magsisiklab sila sa makikita.

GRACIANO
Hoy, bitiwang mong kapatid namin, putangina mo!

PANCRASIO
Yawa!

(Pakisalin sa Waray ang mga murahan.)

Nagdudumaling bababa sila ng hagdan at susugod, habang pasigaw na nagmumura sa Waray. May hawak na arnis si Graciano. Sagwan ng baloto naman ang armas ni Pancrasio. Paghahambalusin nila si Dick. Makakawala si Catalina at tatakpong pabalik sa loob ng tindahan.

Akmang sasaklolo si George, pero mabibigwasan din siya ng arnis.

Mas malaki ang mga Amerikano, pero dahil sa kalasingan ay hindi nila maipagtatangol nang maayos ang kanilang mga sarili. Magkahiwalay na babagsak ang dalawang Amerikano. Mabibitiwan nila ang kanilang mga Krag.

Patakpong dumarating sina Valê at Valdenor, galing sa pagroronda.

VALÉ
Graciano! Pancrasio!

87. KARUGTONG:

Dadamputin ni Graciano ang dalawang Krag. Sasamsamin lang niya ang mga ito, hindi itututok. Samantala, pinapalo ni Pancrasio ng sagwan ang nakalugmok na si Dick.

Susunggaban ni Valê ang sagwan at maghihilahan sila ni Pancrasio.

VALÉ

Tama na! Tama na sabi! Pancrasio, ano ba!

PANCRASIO

Putangina, Valê, huwag kang makialam dito. Hindi ako ang kalaban. Ang mga tarantadong Amer'kanong 'yan...

Sa tulong ni Valdenor ay masasawata si Pancrasio. Mapapansin ni Valê na isinabit na ni Graciano sa balikat ang isang Krag na nasamsam niya, at ngayo'y iniuumang ang isa pang Krag kay Dick. Mabilis na papagitna si Valê, hawak ang sagwan na parang kalasag.

VALÉ (kalma)

Huwag mong ituloy. Akina ang mga ripleng 'yan. Ibigay mo sa 'kin 'yan, Graciano. Akina...

Ilang saglit na magtititigan ang dalawa. Kay Valê nakatutok ang baril. Pagkatapos ay iaabot ni Graciano ang baril kay Valê, una ang barrel.

Habang nagkagulo ay naglabasan na ang Uzi Brigade circa 1901, kabilang si Duday Sana.

VALÉ

Duday, sabihin mo sa mga Amerikano, umuwi na sila. Bukas ko ibabalik ang mga baril nila.

DUDAY SANA (kina Dick at George)

Go home. Go home already. Guns... return tomorrow. Go home.

Susuray-suray, paatras na maglalakad sina Dick at George. Matapos makalayo nang kaunti, tatalikuran na nila ang mga Pilipino at kakaripas ng takbo.

VALÉ (kina Graciano at Pancrasio)

Kayong dalawa, aretado kayo!

87. KARUGTONG:

GRACIANO
Bakit kami?

VALÉ
Para na rin sa sarili n'yong kaligtasan.
Kung hindi lang okupado ang munisipyo,
ibabartolina ko kayo. Doon kayo sa bahay ko
magpapalipas ng gabi. Lakad!

PANCRASIO
Putangina naman, Valê..

VALDENOR
Tama na 'yan. Sundin n'yo si Kapitan.

PANCRASIO
Isa ka pa, Mariano. Akala mo nakalimutan ko
na ang pambabastos mo sa kapatid namin..

VALÉ
O, mag-uumpisa na naman kayo. Lakad na!

PANCRASIO (kay Valdenor, patuya)
Yankee!

88. INT. BAHAY NI ABANADOR: SILONG. GABI.

Pinagagalitan ni Valê sina Graciano at Pancrasio habang nakabantay si Valdenor. Nasa ibabaw ng isang di-pa-tapos na lamesita ang dalawang Krag.

VALÉ (kay Pancrasio)
Ugok! 'Yang init ng ulo mo, ipapahamak
tayong lahat niyan.
(sa dalawang magkapatid)
Hindi n'yo ba naisip kung ano ang gagawin
ng mga Amerikano sa inyong dalawa?

PANCRASIO
E kasi...

VALÉ
Tumahimik ka. Bukas, dadalhin ko kayo kay
Kapitan Connell at hihingi kayo ng tawad.

Papanaog ang ina ni Valê, may dalang bandehado ng salabat (o anumang mas angkop na inumin sa Samar noong panahong iyon).

88. KARUGTONG:

INA NI VALÉ
O, uminom muna kayo ng salabat.

VALÉ
Salamat, Nanay.

INA NI VALÉ
Pagkatapos, magpahinga na kayo.
Maghahatinggabi na. Valê, patulugin mo na
'yang mga preso mo.

VALÉ
Oo, Nanay.

Muling aakyat ang ina ni Valê. Tahimik na iinom ng salabat sina Graciano at Paciano. Aalisin ni Valê ang magazine at bala sa chamber ng mga Krag.

GRACIANO (ituturo ang Krag)
Hindi ko naman alam kung papaano
papuputukin 'yan.

VALÉ (kay Graciano)
Isa ka pang ugok!
(kay Valdenor)
Relyebo tayo sa pagbabantay. Mauna ka nang
matulog. Gigisingin na lang kita.

89. INT. BAHAY NI ABANADOR: SILONG. MADALING-ARAW.

Nagsisimula nang pumasok ang silahis ng araw sa loob ng pagawaan ng muwebles. Natutulog ang apat na lalaki sa loob. May nakahiga sa sopa at sa mesa. Si Valê ay nakatulog na nakaupo.

Bigla, magigiba ang pinto at papasok ang isang iskuwad ng mga sundalong Amerikano sa pamumuno ni Sergeant Frank Betron. Kasama sa grupong ito sina Gamlin at Macabebe.

Gitlang magigising sina Valê.

Susunggaban ng mga Amerikano ang naalimpungatang sina Graciano at Pancrasio, at sapilitang patatayuin ang mga ito. Dadamputin din ng isang sundalo ang dalawang Krag.

89. KARUGTONG:

BETRON (kay Valê)
Capitan, I'm sorry, but I have orders to
take these men into custody.

MACABEBE
Capitan, arestado ang mga lalaking ito.

Mapapatiim-bagang si Valê. Mapapansin niya si Gamlin.
Tinitingnan nito ang isang paris ng arnis na
nakasandal sa dingding.

VALÉ
Gamlin!

Titingin si Gamlin kay Valê at ngingiti.

VALÉ
Feliz cumpleaños, amigo!

GAMLIN
Thanks, Capitan. I didn't think you'd
remember.

Ituturo ni Gamlin ang sarili, saka isesenyas sa
pamamagitan ng daliri ang mga numerong "dalawa" at
"tatlo."

GAMLIN
Me... yo... veintre-tres años today..

VALÉ (kay Macabebe)
Pakisabi... sa kanya na ang arnis. Regalo ko
sa kanyang kaarawan.

Gulat at nababahalang mapapalingon sina Graciano at
Pancrasio kay Valê.

90. EXT. BAHAY NI ABANADOR. MADALING-ARAW.

Patulak at pahilang ilalabas ng mga Amerikano sina
Graciano at Pancrasio. Galit na lilingunin ni
Pancrasio ang sundalong tumulak sa kanya. Tatamaan
siya sa dibdib ng puluhan ng Krag.

91. EXT. POBLASYON. MADALING-ARAW.

Mula sa iba pang mga kalye ay maglalabasan ang iba pang kalalakihan ng Balangiga, sapilitang pinalabas ng pangkat-pangkat na sundalong Amerikano sa pamumuno ni Sarhento Markley at ng iba pang sarhento. Mangiyak-ngiyak na tumututol o nakatanghod lang ang kababaihan. Nagpapalahaw ang ilang sanggol.

May nagpupumiglas at nanlalabang mga Balanginanon. May tahimik na lumalakad. Ihihilera sila sa tabi ng daan. Ang eksena ay parang sona sa Tundo noong panahon ng batas militar.

Lalabas mula sa isang bahay si Duran, suot ang kanyang uniporme bilang sarhento ng pulisya. Galit na lalapitan niya ang mga sundalong Amerikano.

DURAN

Ano'ng ginagawa n'yo? Wala kayong karapatang...

Si Duran naman ang tatamaan sa dibdib ng puluhan ng Krag. Tututukan siya ng baril at imumuwestra ng sundalong Amerikanong may hawak ng baril na sumama siya sa mga bihag na Balangian-on.

SUNDALONG AMERIKANO

Go on! March!

Mapipilitang sumunod si Duran.

Mula sa isa pang madadaanang kubo ay hinihila ng dalawang Amerikano si Gono Nacionales. Nagpupumiglas ito. Humahabol ang kapatid niyang si Duday Sana, nagmamakaawa.

DUDAY SANA

Ang kapatid ko...! Saan n'yo dadalhin ang kapatid ko?

Tututukan siya ng sundalong Amerikano. Mapipilitang huminto at tumabi sa daan si Duday Sana. Maglalapitan kay Duday Sana ang ilang kasamahan niya sa koro, nakadamit-pansimba, kuntodo belo. Makikita nila sina Graciano at Pancrasio, iminamartsa sa kalsada ng mga sundalong pinamumunuan ni Betron.

91. KARUGTONG:

Ang tingin ni Betron kay Duday Sana ay humihingi ng pang-unawa, na para bang gusto niyang ipaliwanag na napag-utusan lang siya at hindi niya kagustuhan ang kanyang ginagawa.

92. EXT. PLAZA. MADALING-ARAW.

Itinatayo at inaayos ng iba pang mga sundalong Amerikano ang dalawang malaking Sibley tent sa gitna ng plaza.

Magdadatingan ang mga bihag na kalalakihan ng Balangiga--humigit-kumulang sa 150. Isa-isang papapasukin sila sa loob ng dalawang tent. Brusko ang mga Amerikanong nagbubukod-bukod at nagpapapasok ng mga bihag sa tent.

93. INT. KUMBENTO: HAGDAN. ARAW.

Mabilis na umaakyat sina Padre Donato, Abayan, Balais, at Abanador. Pinipigilan sila ni Macabebe.

MACABEBE

Hintayin n'yo na lang sa sala.

Pero determinadong sumusulong ang apat na Balangigan-on, parang apat na kabalyero ng Apokalipsis.

94. INT. KUMBENTO: KUWARTO NI CONNELL. ARAW.

Nakaupo si Captain Connell sa tabi ng bintana, inaahitan ni Francisco. Unang papasok si Macabebe, humahangos.

MACABEBE

Captain...

Hindi pa natatapos si Macabebe ay papasok na ang mga bisita, pinangungunahan ni Padre Donato.

CONNELL

At ease, Lieutenant. Come in, gentlemen, come in.

94. KARUGTONG:

Tatabi si Macabebe kay Connell, handang magsilbing interpreter. Mananatiling nakatayo ang mga Balangigan-on.

CONNELL

To what do I owe the pleasure of this visit?

MACABEBE

Ano raw po ang maipaglilingkod niya sa inyo?

PADRE DONATO

Kapitan, bakit ganoon? Kasalanan ng dalawang tao... bakit kailangang parusahan ang buong bayan?

95. INT. BAHAY NI MARIA ACEDILLO. ARAW.

Nakikinig si Maria, ang kanyang ina, at sina Duday Sana at Catalina sa kuwento ni Valé.

DUDAY SANA

O, ano'ng sabi?

VALÉ

Rebelde raw sina Graciano. Marami raw rebelde dito sa Balangiga.

MARIA

Mabuti at hindi ka nila isinama.

VALÉ

Hindi nila ginalaw ang mga opisyaes ng munisipyo, maliban kay Pedrito Duran.

DUDAY SANA

Ano'ng ginawa ninyo?

VALÉ

Nakiusap kaming pakawalan ang mga bihag. Pero nagmatigas si Capitan Connell. Kailangan daw munang isuko namin ang mga rebelde.

CATALINA

Hindi ba tayo puwedeng magdala man lang ng banig? E, lupa lang ang puwedeng higaan doon. Ni walang damo.

95. KARUGTONG:

VALÉ
Pag-iisipan pa raw niya.

INA NI MARIA (iiling-iling)
Sabi ko na nga ba. Masamang signos.
Masamang signos...

96. INT. SIBLEY TENT 1. GABI.

Siksikan ang humigit-kumulang sa 70 lalaking bihag sa loob ng tent. Hindi halos makagalaw ang mga bihag. May naglalaro ng dama sa ginuhitang lupa, maliliit na bato kontra sigay. May naidlip na habang nakatalungko.

Paunti-unti, pausad-usad, lalapit si Gono Nacionales sa magkapatid na Graciano at Pancrasio.

Pagdating ni Gono sa harap ni Pancrasio, duduruin at susumbatan niya ito.

GONO
Nakita mo ang ginawa mo? Kung hindi sa iyo, nandoon ako ngayon sa koprasan, nagbibilad ng kopra. Lahat kami, nadamay. Kung hindi ka ba naman mainitin ng ulo...

Hindi agad makakaimik si Pancrasio. Ipagtatanggol siya ni Graciano.

GRACIANO
Kapatid namin ang hinahalay. E, ikaw, kung ginanoon nila si Duday Sana...?

GONO
Huwag n'yong idamay ang kapatid ko.

PANCRASIO
Oo nga, huwag nating idamay si Duday Sana. Matandang dalaga na iyon. At saka, kaibigan naman siya ng Amerikano.

GONO
Walanghiya ka talaga...

Akmang susuntukin ni Gono si Pancrasio, pero agad siyang pipigilan ng isa pang bihag.

96. KARUGTONG:

BIHAG

Tumigil nga kayo diyan! Kayo-kayo,
magbubugbugan... e mamaya, bubugbugin naman
tayong lahat ng mga Amerikano.

Matitigilan sina Gono at Pancrasio. Nakatingin sa
kanilang dalawa ang iba pang bihag.

Susungaw sa bukasang ng tolda ang guwardiyang
Amerikano.

GUWARDIYANG AMERIKANO

Hey! No talking in there!

Babaling ang tingin ng lahat sa Amerikano.

97. INT. KAMPANARYO. MADALING-ARAW.

Pinapatugtog ni Juanito ang mga kampana.

98. EXT. MUNISIPIYO. MADALING-ARAW.

Tumutugtog ng reveille si George Meyer sa kanyang
trumpeta.

99. EXT. PLAZA. MADALING-ARAW.

Kasabay ng pagsikat ng araw, lumalabas sa dalawang
Sibley tent ang mga bihag. Ipapahilera sila sa plaza.

Parang Makapiling itinuturo ni Connell ang ilan sa mga
nakahilerang lalaki. Lalapit si Macabebe sa bawat
ituturo at saka ihihiwalay iyon sa hilera, dadalhin sa
gitna ng plaza at pasasalampakin doon. Sa harap ng mga
nakasalampak na Balangigan-on, nakaguwardiya ang mga
Amerikanong may hawak na Krag.

Sa di-kalayuan, magsisimulang magtipon-tipon ang mga
Balangigan-on, karamihan ay mga bata, matatanda, at
kababaihan. Kasama rito si Duday Sana at ilang
kababaihang may nakasampay na belo sa balikat at may
hawak na aklat-dasalan, halatang papunta sa simbahan.
Kasama rin ang mga opisyal ng munisipyo--sina Valê,
Abanador, Abayan at Balais.

99. KARUGTONG:

Sa labas ng pinto ng simbahan, nakatayo si Padre Donato, nababahalang pinanonood ang mga nangyayari sa plaza.

Sesenyasan ni Connell sina George at Dick na lumapit. Magbubulungan sila. Ituturo ni George sina Graciano at Pancrasio. Sesenyasan ni Connell si Macabebe. Ibubukod ni Macabebe ang magkapatid na mangingisda. Sasalampak sila sa harapan, sa tabi ni Gono.

Galit pa rin si Gono at masama ang tingin nito kay Pancrasio. Lilipat sana ng puwesto si Gono, pero uumangan siya ng baril ng isang Amerikano. Muli siyang mapapasalampak.

Humigit-kumulang sa kalahati ng mga bihag ang maiiwang nakatayo.

Walang malinaw na pattern sa pagbubukod-bukod ng mga bihag. At random ang pagpili ni Connell, liban sa kaso nina Graciano at Pancrasio.

Magbibigay si Connell ng instructions kay Macabebe. Isasalin ni Macabebe ang sinabi ng kapitan.

MACABEBE (sa mga nakatayo)
Kayo... puwede na kayong umuwi.

Dahan-dahan sa simula, pagkatapos ay halos patakbo na, mag-aalisan ang mga pinalayang bihag.

MACABEBE (sa mga nakasalampak)
Kayo... maiwan kayo!

Lakas-loob na lalapit si Duran kay Macabebe.

DURAN (kay Macabebe)
Hanggang kailan kami rito?

MACABEBE (kay Connell)
Man wants to know. How long we will be keeping the prisoners?

CONNELL (papaalis na)
They're gonna spend Christmas and the New Year here!

MACABEBE
Hanggang Bagong Taon daw.

99. KARUGTONG:

MATANDANG LALAKI

Aba'y baka hindi na kami umabot ng Bagong Taon. Mamamatay kami sa gutom dito. Ni hindi kami pinakain.

Maririnig ito ni Duday Sana. Mapapaantanda siya. Pasimpleng lalapit si Duday Sana kay Betron.

DUDAY SANA (pabulong)

Can we give... food and water?

BETRON (pabulong)

I'll take it up with the Captain.

100. INT. SIBLEY TENT 1. ARAW.

Pinapainom ni Duday Sana ng tubig ang kanyang kapatid mula sa sisidlang kawayan na kung tawagin ay salud. Nag-aabot ng pagkain ang iba pang kababaihan sa kanilang mga asawa, anak o kapatid.

Papasok ang isang iskuwad na pinamumunuan ni Markley, kasama sina Macabebe, George at Dick. Magtuturo na naman si Macabebe, pipili ng sampung lalaki na kinabibilangan nina Graciano, Pancrasio at Gono.

MACABEBE

Ikaw... ikaw... ikaw... sumama kayo sa amin.

DUDAY SANA (nagugulumihan)

Ano ang gagawin n'yo sa kanila?

101. INT. BAHAY NI ABANADOR. ARAW.

Habang binabantayan ng mga sundalong Amerikano, kinukuha ng mga bihag ang mga sundang na nakasabit sa kusina, pati na ang mga kaluban (scabbard) ng mga ito. Ilalagay nila ang mga nakakalubang sundang sa isang sakong halos puno na ng iba pang sundang. Nagngingitngit si Valê at ang kanyang ama.

VALÉ

Pati ba naman ako...?

GONO

Gusto ba namin ito?

101. KARUGTONG:

AMA NI VALÉ (kay Macabebe)
Gamit 'yan sa trabaho, alam mo naman 'yan.

MACABEBE
Utos ni Capitan Connell. Pinapasamsam ang
lahat ng sundang at patalim sa kabayanan at
sa mga baryo.

102. INT. BARRACKS. GABI.

May tambak ng sundang sa isang sulok, malapit sa
kinalalagyan ng mga Krag. Dito ihuhulog ni Gono ang
laman ng dala niyang sako.

103. EXT. TABING-DAGAT. GABI.

Inilalabas ni Valé ang init ng ulo sa ensayo ng arnis.
Pagbubuntunan niya ng galit ang ilang halaman. Sa
ilang hampas ng arnis ay mababali ang ilang tangkay ng
mga ito.

104. EXT. PLAZA. ARAW.

Itinuturo ni Connell ang mataas na damo at kadawagan
sa paligid ng poblasyon. Pasigaw na nagbibigay siya ng
utos kay Macabebe.

CONNELL
I want all that tall grass and undergrowth
cleared. Anything that insurrectos can use
as hiding place--cut it down! I want a
clear view of what's going through that
jungle. And I want this whole pigsty
cleaned up. I don't want to have to fight
both insurrectos and cholera!

105. EXT. GUBAT. ARAW.

Habang ginuguwardiyahan ng mga Amerikano, humigit-
kumulang sa 30 bihag ang tumatabas ng mataas na damo
at humahawan sa kadawagan sa paligid ng poblasyon.
Kabilang sa grupong ito sina Graciano at Pancrasio.

106. EXT. KUMPULAN NG MGA BAHAY. ARAW.

Hinahakot ng isa pang grupo ng mga guwardiyadong bihag ang basura sa ilalim ng mga bahay-bahay.

107. EXT. TABING-ILOG. ARAW.

Gumagawa ng malalim na hukay ang iba pang guwardiyadong bihag. Lalabas sila sa hukay. Darating ang ilang bihag na nakita na nating nagtabas ng damo at naghakot ng basura. Itatambak nila ang basura at damo sa loob ng hukay.

108. EXT. SIBLEY TENTS. DAPITHAPON.

Isa-isang inilalapag ng mga bihag sa lupa ang mga sundang na ginamit nila sa pagtatabas ng damo. Pagkatapos, ibabalik sila ng kanilang mga guwardiya sa mga Sibley tent. Maiiwan sa labas ng mga tolda ang dalawang tambak ng sundang.

109. INT. SIMBAHAN. UMAGA.

Nagpapakumunyon si Padre Donato sa mga nakaluhod sa harap ng altar, kabilang dito sina Abayan at Duday Sana. Si Juanito ang sakristang umaasisti sa kanya.

Pagkatapos bigyan ng komunyon ang kahuli-hulihang communicant, magtataas ng ulo ang nakayukong si Padre Donato, parang tinitingnan kung mayroon pang lalapit sa communion rail.

Magsisimulang bumalik si Padre Donato sa altar. Pero nakakadalawang hakbang pa lang siya ay muli siyang tatalikod at maglalakad papunta sa pinto ng simbahan. Hahabol ang nabiglang si Juanito.

110. EXT. SIMBAHAN. UMAGA.

Lalabas si Padre Donato, dala-dala ang kalis na may ostiya. Maaabutan na siya ni Juanito. Tutuloy sila sa isang Sibley tent.

Akmang hahadlang ang sundalong Amerikano na nakaguwardiya sa labas, pero titigil si Padre Donato at tititigan ang sundalo. Mapapahiya ang Amerikano, at hahayaang tumuloy si Padre Donato sa loob ng Sibley tent.

111. INT. SIBLEY TENT 1. UMAGA.

Papasok si Padre Donato at titigil sa may bukana.

PADRE DONATO

Kung mayroon sa inyong gustong mangumunyon,
lumapit lang kayo.

Magkakatinginan ang mga bihag. Pagkatapos ay lalapit
si Gono Nacionales at luluhod sa harap ng pari.
Susubuan siya nito ng ostiya.

Lalapit na rin at luluhod si Duran, ang matandang
nagreklamo na hindi sila pinapakain, at ilang pang
bihag.

112. EXT. TABING-DAGAT. ARAW.

Hawak ng mga Pilipinong bangkero ang baloto habang
sumasakay ang isang iskuwad ng mga sundalong
Amerikano. Si Bumpus ang namumuno sa iskuwad. Kausap
ni Bumpus sina Padre Donato at Betron. Isinasalin ni
Betron sa balu-baluktot na Espanyol ang sinasabi ni
Bumpus.

BUMPUS

Well, Padre, I'm off to Tacloban again. Can
I get you anything? Mass wine, maybe?

BETRON

We vamoose Tacloban, Padre. Quieres algunas
cosas? Vino para su misa?

Ngingiti lang si Padre Donato pagkarinig sa salin,
saka iiling.

Ipapalo ni Bumpus ang kanyang palad sa baloto.

BUMPUS

You know, Padre, I really like this barotow
of yours. I'm not really a gambling man,
but what d'you say we play for this at our
next game of chess? A case of Irish whisky
for your boat. What d'you say?

BETRON (mangangapa)

El teniente Bumpus, como se dice, quiere
jugar...

112. KARUGTONG:

BUMPUS

Forget it, Betron. I don't think he'll find it funny. Well, Padre, adios. Hasta la bye-bye!

PADRE DONATO

Hasta luego!

Aalis ang baloto. Maiiwan sa pampang sina Padre Donato at Betron.

113. INT. KUWEBA. ARAW.

Nagpopormasyon ang humigit-kumulang sa 400 gerilyerong Pilipino, armado ng mga lumang riple, sundang at sibat na kawayan.

Si Daza ang pinuno ng pormasyon. Haharap siya kay Lukban at sasaludo.

DAZA

Heneral, nakahanda na ang hukbong lulusob sa Balangiga.

Sasagot ng saludo si Lukban.

Magsisimulang lumabas sa kuweba ang mga gerilyero. Madadaanan nila ang isang matangkad na lalaking nakatayo sa isang madilim na sulok, ang suot ay damit ng sibilyang Pilipino--si Denton.

114. EXT. GUBAT. ARAW.

Sumusulong ang mga gerilyerong Pilipino, sinusundan ang nakakabayong si Daza. Kinakanta nila ang "Tierra Adorada."

115. EXT. KAPARANGAN. ARAW.

Naglalakad sina Valê at Valdenor, patago-tago at palinga-linga, pasalubong sa mga gerilyero.

INTERCUT SHOTS ng mga gerilyero at nina Valê.

116. EXT. BARYO CAMANTIL. GABI.

Sa liyab ng daan-daang sulo, magtatagpo sina Valê at Daza. Haharang si Valê sa dadaanan ni Daza, at mapipilitan si Daza na patigilin ang kanyang kabayo. Mananatili siyang nakasakay sa kabayo.

VALÉ
Komandante...

DAZA
Kapitan Valê...

VALÉ
Komandante, kabaliwan itong gagawin ninyo.

DAZA
Kapitan, nakapagpasiya na ang ating rebolusyonaryong hukbo.

VALÉ
Komandante Daza, isipin ninyo ang mangyayari. Maaaring mas marami kayo sa mga Amerikano, pero mas marami silang baril at bala.

DAZA
Hindi lang baril at bala ang sukatan ng lakas. Nasa panig natin ang katarungan.

VALÉ
Ang katarungan ba ay kayang lumaban nang sabayan at harap-harapan sa Krag at masinggan?

Hindi makakasagot si Daza.

VALÉ
At huwag ninyong kalilimutan, Komandante... halos sandaang Balangigan-on ang bihag ng mga Amerikano. Kung sasalakay kayo, tiyak na lilipulin ang mga bihag. At wala silang kalaban-laban. Kayang-kaya silang ubusin sa isang iglap.

DAZA
Kapitan Valê, kinukuwestiyon mo ba ang desisyon ng mga nakatataas na opisyal ng ating rebolusyonaryong hukbo?

116. KARUGTONG:

VALÉ

Komandante, alam kong mas mataas ang inyong pinag-aralan sa amin. Pero sana'y pakinggan din kami ng mga nakatataas na opisyaes. Kami ang nakatira sa Balangiga. Kami ang may alam kung ano ang kalagayan ng Balangiga... kung ano ang gusto ng Balangiga.

Saglit na katahimikan, habang tinititigan ni Daza si Valê.

DAZA

At ano ang gusto ng Balangiga?

117. INT. KUMBENTO. ARAW.

Nag-uusap sina Valê, Abayan at Macabebe. Sa di-kalayuan, nakaupo sa pasamano ng bintana sina Connell at Bumpus, umiinom ng whisky at patinginting sa mga Pilipinong nagpupulong.

ABAYAN

Pakisabi kay Capitan Connell na ito ang aming panukala... Kukuha kami ng mga tagabaryo para gampanan ang ipinapagawa ninyo sa mga taga-poblasyon...

VALÉ

Panalo tayong lahat sa panukalang ito. Kayo... me mga trabahador na gagapas ng damo. Kami... makakabalik na sa pangingsda at pagsasaka at pagpapakain sa aming mga pamilya.

ABAYAN

At ang mga aangat nating tagabaryo... sa ganitong paraan ay mababayaran nila ang ipinapataw ninyong buwis.

Lalapit si Macabebe kina Connell para ipaabot ang sinabi ni Valê. Magtitinginan sina Valê at Abayan, medyo kinakabahan.

118. EXT. PANDAYAN. GABI.

Tahimik at madilim na ang buong baryo ng Camantil, liban sa isang kubo sa dulong-baryo.

118. KARUGTONG:

Sa bukana ng kubo ay makikita ang isang simpleng pandayan. May liyab sa bagahan (furnace) sa tabi ng palihan (anvil). MARIRINIG ang pukpok ng maso sa bakal na nakasalang sa palihan.

Kasalukuyang nagtatrabaho ang isang matipunong PANDAY (Rosauro Cabillo). Gumagawa siya ng sundang.

Maaaring makitang nakasoga sa di-kalayuan ang kabayo ni Daza.

119. INT. KUBO SA LIKOD NG PANDAYAN. GABI.

Nakaupo sa sahig na kawayan, nakapaligid sa isang aandap-andap na gasera, ang isang grupo ng kalalakihan --humigit-kumulang sa 12 katao. Si Daza ang nangangasiwa sa pulong. Kasalukuyang nag-uulat sina Abayan at Valê. Kabilang sa grupong ito ang mga tenyente del baryo ng Camantil, Giporlos, Quinapundan, at Lawaan, gayundin ang ilan sa mga gerilyerong kasama sa mga sasalakay sana sa Balangiga.

Matatapos ang pag-uulat nina Abayan at Valê.

DAZA

Ang tanong ko'y para sa mga tenyente del baryo na kasama natin ngayon. Makakakuha ba tayo ng mga boluntaryo mula sa inyong mga lugar?

VALÉ

Mga limampung lalaki ang kailangan namin bilang panimula.

TENYENTE/CAMANTIL

Makapag-aambag ng dalawampu ang baryo Camantil.

TENYENTE/QUINAPUNDAN

Gayundin ang Quinapundan.

TENYENTE/GIPORLOS

Ang nalalabing sampu, sasagutin na ng Giporlos.

TENYENTE/LAWAAN

May limampu ka na. Ano't anuman, kami sa Lawaan ay nakahandang magbigay ng tauhan para sa mga susunod pang hakbangin.

120. EXT. POBLASYON. ARAW.

Darating si Valê na kasunod ang limampung tagabaryo.
Walang dalang anumang kagamitan ang mga ito.

Nakatayo si Connell sa gitna ng plaza. Tulad ng dati,
katabi niya sina Macabebe at Francisco.

VALÉ

Capitan Connell, tulad ng napagkasunduan
natin, narito ang limampung lalaking
nakalap ko sa mga baryo ng Balangiga. Sila
ang magtatrabaho kapalit ng mga bihag na
matatanda at maysakit...

MACABEBE (kay Connell)

As agreed upon, he brings fifty workingmen
from the barrios. To take the place of the
old and the sickly...

VALÉ

Hihilingin ko rin sana na pakawalan ninyo
ang isa sa aking mga pulis. Hindi
sinasadya'y napasama siya sa mga bihag. Si
Sarhento Pedrito Duran...

121. EXT. KUMBENTO. ARAW.

Umaakyat ang isang tagabaryo sa hagdang kawayan
patungo sa bubong. May bitbit siyang maliit na timba
na may lamang pulang tisa.

Sa itaas, kinukumpuni ng dalawa pang tagabaryo ang
bubong, pinapalitan ang sirang tisa. Ibibigay ng
bagong-akyat sa mga ito ang dala niyang timba.

122. EXT. TALAHIBAN. ARAW.

Pinuputol ng iba pang tagabaryo ang mataas na damo.
Tulad ng dati, binabantayan sila ng mga sundalong
Amerikano.

123. INT. KUBO. GABI.

Muli, lihim na nagpupulong ang command group na
kinabibilangan nina Daza, Abayan, at Valê, at ng mga
tenyente del baryo at mga gerilyero ni Lukban. Kasama
nila ngayon si Pedrito Duran, gayundin sina Mariano
Valdenor, Andronico Balais at Custodio Salazar.

123. KARUGTONG:

Pinag-aaralan ng grupo ang isang malaking papel na nakalatag sa sahig--ang mapa ng poblasyon at mga posisyon ng mga Amerikano.

Krudo ang pagkakadrowing ng mapa. Makikita ang ilang nakaleturang palatandaan, na maaaring nasusulat sa Espanyol at Waray: CONVENTO/OFICIALES. GUARDIA 1/GUARDIA 2/GUARDIA 3. MUNICIPIO/ARSENAL. CASA BALAIS/CUARTEL. CASA SALAZAR/CUARTEL. TOLDA 1/TOLDA 2 [ito ang Sibley tents]. IGLESIA. ILOG. KAKAHUYAN.

DAZA

Compañía Seis... baryo Lawaan, kayo ito... galing sa simbahan, tuloy sa kumbento... Compañía Septimo... munisipyo at ang mga kuwartel ng mga sundalo... Malinaw na ang asignatura ng lahat?

Tangan. Saglit na katahimikan. Liligid ang paningin ni Daza sa grupo.

DAZA

Mga kasama, gaya ng alam na ninyong lahat, ang aking esposa ay inimbestigahan na sa Borongan. Ako mismo ay pinaghahanap na. Hindi na ako makakalantad sa mga poblasyon. Dahil dito, palagay ko'y mas mabuti kung ang mamumuno sa binabalak nating operasyon ay isang taga-poblasyon... isang malayang makakalabas-pasok sa teritoryong okupado ng kaaway.

ABAYAN

Si Kapitan Valê ang ating hepe ng pulisya. May kaunting kaalaman siya sa mga gawaing militar. Sa dahilang ito... at hindi dahil kamag-anak ko siya... ninonombrahan ko si Kapitan Valê bilang pangkalahatang pinuno ng operasyon.

TENYENTE/CAMANTIL

Sinisegundahan ko ang nombramiyento.

TENYENTE/QUINAPUNDAN

Tapusin na natin ang nombrahan. Sang-ayon kaming lahat sa pamumuno ni Kapitan Valê.

123. KARUGTONG:

Bagamat mahina, marahan, at maingat, magpapalangkapan ang lahat ng nasa pulong. Hindi makakatanggi si Valê sa tungkuling iniatang sa kanya, pero sa kanyang mukha'y mababanaagan ang agam-agam.

124. INT. SIMBAHAN: KUWARTO NG MGA SANTÓ. ARAW.

Kausap ni Abayan si Duday Sana. Pinapakintab ni Duday Sana ang espada ni San Miguel Arkanghel.

ABAYAN

Kailangang may maiwan ditong isang babae..
isang babaeng hindi paghihinalaan.
Peligroso itong binabalak natin, Duday
Sana, kaya hindi kita pipilitin. Puwede
kang tumanggi.

DUDAY SANA

Hindi ako kailangang pilitin, Mano Pedro.
At hindi ako natatakot sa peligro. Nang
sumapi ako sa Katipunan, alam kong darating
at darating ang ganitong panawagan.

ABAYAN

Ikinalalungkot ko lang na... ang kaibigan mo...

Saglit na mababanaagan ang lungkot sa mukha ni Duday Sana, pero agad din niyang palalakasin ang sarili niyang loob.

DUDAY SANA

Mano Pedro, hindi ko nalilimutan ang turo
ng Katipunan... bayan muna bago ang sarili.

125. EXT. SIBLEY TENT. ARAW.

Lalapit sa guwardiyang Amerikano sina Duday Sana at Catalina. Si Duday Sana ay may dalang salud o buho na karaniwang pinaglalagyan ng tubig. Si Catalina ay may dalang basket ng suman (na maaaring muron, kung pareho lang ang suman ng Leyte at Samar).

DUDAY SANA

For the prisoners.

Sanay na ang Amerikanong makakita ng salud, kaya hindi niya iyon papansinin. Sisipatin niya ang laman ng basket.

125. KARUGTONG:

GUWARDIYANG AMERIKANO
What's this?

DUDAY SANA (sa Amerikano)
Dulce. Sweets. You like?
(kay Catalina)
Patikman mo. Talupan mo na.

Susundin ni Catalina si Duday Sana. Sa simula'y iiling ang Amerikano. Pipiraso si Duday Sana at isusubo iyon para ipakitang walang lason ang pagkaing iniaalok.

DUDAY SANA (habang ngumunguya)
You taste. Very delicious.

Susubuan ni Catalina ang Amerikano. Kakagat ito sa suman.

CATALINA
Sige na, huwag ka nang mahiya.

GUWARDIYANG AMERIKANO (masasarapan)
Mmm. It *is* good.

Iaabot na ni Catalina ang bukas na suman. Kukuha si Duday Sana ng isa pang nakabalot na suman mula sa basket at iaabot din iyon sa Amerikano.

DUDAY SANA
Here. One more. Delicious, di ba?

Tatango ang Amerikano. Papasok na sa tolda sina Duday Sana at Catalina.

126. INT. SIBLEY TENT. ARAW.

Narito sina Gono, Graciano, at Pancrasio, ang mga tagabaryong hinakot ni Valê, at ilang taga-Balangiga. Pagpasok ng mga bisita, agad na paliligiran si Duday Sana ng grupo nina Gono. Liligid si Catalina at mamumudmod ng suman. May mga bihag na nakabantay sa bukana ng tolda.

CATALINA
Luto ko ito. O, tikman n'yo.

Habang ikinukubli ng mga nakapaligid na kalalakihan, ilalabas ni Duday Sana mula sa salud ang talagang laman nito--ilang punyal na gawa ng panday.

126. KARUGTONG:

DUDAY SANA
Itago n'yong mabuti. Bukas na ang
pag-aalsa...

127. INT. SIMBAHAN: SAKRISTIYA. ARAW.

Kausap ni Duran si Padre Donato. Ipinapasok ni Padre Donato sa isang tampipi ang kanyang mga kasuotan at kagamitang pangmisa, kabilang ang kalis.

DURAN
Mas mabuti na ang ganito, Padre. Kung wala ka rito, hindi ka madadamay.

PADRE DONATO
Hindi kaya mas kahina-hinala? Mawawala ako kung kailan pa pista ni San Miguel Arkanghel... ang anibersaryo ng pagiging parokya ng Balangiga.

DURAN
Padre, magpapatuloy ang mga nobena, at magpuprusisyon kami. Wala silang mahahalata. Maniwala ka. Mas mabuti na 'yong wala kang nalalaman. Tanungin ka man, hindi mo kailangang magsinungaling at magkasala.

128. EXT. TABING-DAGAT. DAPITHAPON.

Paparating ang baloto na sinasakyan ni Bumpus at ng kanyang mga kasamang kumuha ng mga sulat at suplay sa Tacloban.

Naghihintay sa pampang si Padre Donato, dala ang kanyang tampipi. Katabi niya sina Betron at duday Sana.

BETRON
So, Padre, you vamoose a Tacloban para vacación?

PADRE DONATO
Conferencia.

128. KARUGTONG:

DUDAY SANA

Sergeant, you should go with Padre Donato.
You're the one that need the vacation.
Especially with the cholera epidemic...

BETRON (matatawa)

I *am* on vacation. This is vacation country.
We don't get anything like this in Albany.
Summer all year round... sunshine all year
round... sea air... peace and quiet...

Titigil ang baloto sa parteng mababaw. Aalalayan ito
ng mga bangkero habang bumababa sina Bumpus. Kakaway
si Bumpus sa mga nasa pampang.

BUMPUS (pasigaw)

Padre! I thought we were going to play
chess tonight?

129. INT. MESS TENT. GABI.

Nasa tabi ni Dick ang isang bote ng whisky at isang
damajuana ng tuba. Tutungga siya mula sa bote ng
whisky, saka gagawing chaser ang tuba. Magduduling-
dulingan siya. Magtatawanan ang kanyang mga kasamahan.

Makikita nating nag-iinuman ang maraming sundalo
habang namumudmod si Bumpus ng liham. Lango na ang mga
sundalo, at ni hindi nila bubuksan ang mga makukuha
nilang sobre.

BUMPUS (binabasa ang nasa sobre)

Private George Allen... Private John D.
Armani... Artificer Joseph E. Marx... Private
James L. Cain... Corporal Arnold Irish...
Private Eli Fitzgerald...

130. INT. BAHAY NI MARIA ACEDILLO. GABI.

Sa kuwarto, nag-eempake ng ilang damit si Maria at ang
kanyang ina.

Paglabas nila sa sala, makikita nilang naghihintay si
Valê at ang mga magulang nito. May dala-dala ring
nakabalot na damit ang mga magulang ni Valê.

VALÉ (pabulong)

Doon na kayo sa likod dumaan.

130. KARUGTONG:

Sasamahan ni Valê ang mga lilikas hanggang sa pinto ng kusina.

VALÉ

Tatay, bahala na kayo sa mga kasama ninyo.

TATAY NI VALÉ

Huwag kang mag-alala. Papatnubayan kami ng Panginoon.

Babalik si Maria. Aalisin niya ang rosaryong nakasabit sa leeg at isusuot iyon kay Valê.

MARIA

Mag-iingat ka.

Hihilahin si Maria ng kanyang ina. Paglingon ni Maria kay Valê ay makikita niya itong ipinoporma ang labi sa anyong humahalik.

131. EXT. PLAZA. GABI.

Rerelyebo sina Gamlin, PRIVATE JOHN ARMANI, at PRIVATE BYRON DENT sa tatlong guwardiyang pang-araw. Si Gamlin ang roving guard, si Armani ang nasa labas ng kumbento, at si Dent ang nakabantay sa mga Sibley tents.

132. EXT. LIKOD NG MUNISIPYO. GABI.

Habang naglalakad sa likod ng munisipyo, nilalaro-laro ni Gamlin ang arnis na regalo ni Valê. May maririnig siyang kaunting ingay. Gagala ang kanyang paningin. Makikita niya:

Sa isang madilim at malayong bahagi ng poblasyon, isang grupo ng mga babae, bata, at matatanda ang mabilis na naglalakad papaalis sa poblasyon.

Mapapakunot-noo si Gamlin.

DICK AT GEORGE (voice-over, kumakanta)
*Drunk last night,
Drunk the night before...*

133. INT. MESS TENT. GABI.

Wala na si Bumpus, at tapos na ang pamamahagi ng liham. Patuloy ang inuman. May ibang tulog na sa kalasingan, pero matibay sina Dick at George.

DICK AT GEORGE (kumakanta)
*Gonna get drunk tonight
 Like I've never been drunk before,
 For when I'm drunk
 I'm as happy as can be,
 For I am a member of the Dutch Company..*

(RESEARCH: Ewan ko kung buhay na ang lumang drinking song na ito noong 1900s. Kung may mahahalungkat na iba pang mas angkop sa period, palitan na lang.)

134. EXT. GUBAT. GABI.

Liwanag ng buwan lamang ang tumatanglaw sa parteng ito ng gubat.

Ipinapasok ang maraming sundang at balaraw sa isang ataul na pambata. Tatakpan ang mga sandata ng damit ng bata.

Nagtitipon-tipon na ang malaking grupong binubuo ng humigit-kumulang sa 400 katao. Armado sila ng mga sundang, balaraw, sibat na kawayan, arnis, at pana.

Si Valê ang nagmamando sa buong pagtitipon at nagbubukod-bukod sa mga pangkat panalakay. Nakamasid si Daza. Anim na grupo ang mabubuo.

VALÉ
 Compañía Seis... ang espesyal na pangkat mula sa baryo Lawaan...

Kasalukuyang sinisipat at sinusukat ng mga taga-Lawaan ang mga damit na pambabae. Kasama sa grupong ito si Custodio Salazar. Maghahagihikan ang iba pang grupo, pero titingnan sila ni Daza nang matalim at matitigil ang hagihikan.

Si Duday Sana lang ang babae sa buong grupo. Kasama niya ang dalawang batang sina Vicente at Juanito, at kabilang sila sa pangkat ng mga taga-Lawaan.

Tutuntong sa troso si Daza at magtatalumpati.

134. KARUGTONG:

DAZA

Mga kasama! Kahit isang saglit ay huwag ninyong kalilimutan na ang kalaban natin ay baril at bala. Sundang, sibat, at pana lang ang ating mga armas. Pero may tatlo tayong kalamangan sa kaaway. Una, mas marami tayo. Ikalawa, masosorpresa natin sila. At ikatlo, makatarungan ang ipinaglalaman natin... Katubusan! Kalayaan! Mabuhay ang independensiya!

LAHAT

Mabuhay!

135. EXT. TAGILIRAN NG MUNISIPYO. GABI.

Upo si Gamlin sa isang bangko sa tagiliran ng munisipyo. Agad din siyang mapapatayo, nakaatensiyon. Makikita niya:

Papalapit si Connell, nagroronda, kasama ang isang SARHENTO at sina Francisco at Macabebe.

Sa background, maririnig pa rin ang drinking song.

DICK AT GEORGE (voice-over, kumakanta)
*For I am a member of the Souse Family.
Oh, the Souse Family is the best family
That ever came over from old Germany...*

Hihinto si Connell sa harap ni Gamlin. Lasing din si Connell.

CONNELL

At ease, Private Gamlin.

Susunod si Gamlin.

CONNELL

I understand it was your birthday last week, Private Gamlin?

GAMLIN

Yes, sir! September twenty-two, sir!

CONNELL

So how old are you now?

135. KARUGTONG:

GAMLIN
Twenty-three, sir.

CONNELL
Noticed anything so far?

GAMLIN
Not from the tents, sir. But earlier, I thought I saw some women and children going out in the direction of the barrios.

CONNELL
That's probably because tomorrow is the eve of Michaelmas. Ever heard of Michaelmas, Private Gamlin?

GAMLIN
I don't believe so, sir.

CONNELL
Michaelmas is a great feast in Ireland. That's the feast of Saint Michael the Archangel... a saint that this godforsaken gugu town has a special devotion to. These niggers here, they're supposed to be Catholics, but they haven't really shed off their heathen ways. So I would surmise that those women are going out to celebrate the eve of Michaelmas in some disgusting pagan fashion. I wouldn't worry too much about it, Private.

GAMLIN
Yes, sir! I mean, no, sir. Thank you, sir.

CONNELL
Were you in Cuba with us, Private Gamlin?

GAMLIN
No, sir! But I was with Company C in China, sir... during the Boxer Rebellion!

CONNELL
And what would you do if those men in our Sibley tents come rushing out like the rebellious Boxers of China?

GAMLIN
I would certainly try to stop them, sir.

135. KARUGTONG:

CONNELL

Well, keep your Krag well-oiled, young man.
Keep your Krag well-oiled.

GAMLIN

Yes, sir!

Sasaludo si Connell, saka aalis, kasunod ang kanyang entourage.

136. EXT. POBLASYON. GABI.

Marahang pumapasok ang isang prusisyong pinangungunahan nina Duday Sana, Juanito, at Vicente. Nasa likod ni Duday Sana si Custodio Salazar. Kasunod nila ang 34 na taga-Lawaan na nakadamit-babae at nakasuot ng belo o bandana. Apat sa mga ito ang may dalang ataul na pambata sa kanilang mga balikat--ang ataul na pinaglagyan ng mga sundang. Ang iba pa'y may hawak na mga nakasinding kandila.

Galing sa mess tent, pabalik si Betron at ang ilang kasama sa kanilang kuwartel. Haharang si Betron sa daan para patigilin ang prusisyon. Lalapit siya sa ataul. Nakainom din si Betron, at medyo mabuway ang lakad.

BETRON

What have we got here, Duday Sana?

DUDAY SANA

El colera!

Mapapaatras si Betron. Medyo kinakabahan ang ilang nakabalatkayong gerilyero, handang kumilos kahit wala sa oras kung kinakailangan.

DUDAY SANA

El colera killed el baby.

BETRON

Where you taking this?

DUDAY SANA

To the iglesia.

Ilang saglit na tititigan ni Betron si Duday Sana, saka hahayaang magpatuloy ang prusisyon.

136. KARUGTONG:

Mula sa kanyang puwesto, susundan ng tingin ni Gamlin ang prusisyon hanggang sa makarating ito sa simbahan.

137. INT. SIMBAHAN. GABI.

Papasok ang mga gerilyerong nakadamit-babae. Uupo ang karamihan sa bandang likuran. Ang ilan ay magbabantay sa may pinto.

Patakbong umaakyat sa kampanaryo sina Juanito at Vicente.

Sisimulan ni Duday Sana ang pagdarasal ng rosaryo (sa Waray). Habang nagdarasal, ilalabas ng mga lalaki ang mga sundang na laman ng ataul.

138. EXT. POBLASYON. MADALING-ARAW.

Titigil si Gamblin sa pagroronda at humahangang pagmamasdan ang unti-unting pagliwanag ng kalangitan sa silangang bahagi ng dagat. Maririnig ang tugtog ng punebre.

SUPERIMPOSE TEXT:

Setyembre 28, 1901

139. EXT./INT. SERIES OF QUICK CUTS. MADALING-ARAW.

INT. SIMBAHAN: CHOIR LOFT.

Si Duday Sana ang tumutugtog ng punebre sa organ sa choir loft. Mula sa choir loft, makikita ang mga lalaking nakadamit-babae sa ibaba, kunwa'y nagdadasal.

INT. SIMBAHAN: KAMPANARYO.

Naghihikab si Juanito. Dumudukwang si Vicente, sinisilip ang tanawin sa bandang munisipyo.

EXT. PLAZA.

Titigil si Gamlin sa paglalakad. Makikita niyang pumoposisyon na si George Meyer para tugtugin ang reveille sa kanyang trumpeta.

139. KARUGTONG:

INT. BAHAY NI SALAZAR.

Bihis na si Sergeant Markley at habang tumutugtog ang reveille ay ginigising niya ang mga sundalong Amerikanong naka-billet sa bahay ni Salazar. Tatayo ang mga sundalo mula sa kani-kanilang teheras. Nagsasanib ang tugtog ng trumpeta sa plaza at ng organ sa simbahan.

INT. BAHAY NI BALAIS.

Gumigising na rin at nag-iinat ang mga sundalong naka-billet naman sa bahay ni Balais. Patuloy na maririnig ang reveille at ang punebre. Nakatayo si Betron sa may bintana at tinatanaw ang simbahan habang pinapakinggan ang himig mula sa organo na alam niyang tinutugtog ni Duday Sana.

INT. KUMBENTO: KUWARTO NI CONNELL.

Nakaupo si Connell sa kanyang teheras. May hangover siya, at ipinipilig niya ang kanyang ulo para mabawasan ang hilo. Tatayo siya at lalapit sa isang mesa na may planggana at pitsel. Mula sa pitsel ay magbubuhos siya ng tubig sa planggana. Maghihilamos siya.

INT. KUMBENTO: KUWARTO NI BUMPUS.

Bihis na si Bumpus. Susulyapan niya, nakapatong sa mesa, ang sulat mula sa Amerika, parang dinidisisyunan kong babasahin niya ito ngayong umaga.

INT. MUNISIPYO.

Ang dalawang sundalong Amerikano na nakaguardiya sa armory ay umiinom na ng kape o naglilinis ng baril.

INT. SIBLEY TENT 1.

Gising na ang mga bihag. May nakatayo, may nakatalungko, may palakad-lakad. Nakatuon ang tingin ng lahat sa bukasang tolda. Masisilip-silip sa labas ang guwardiyang si Private Byron Dent.

EXT. MESS TENT.

Magsisimulang magpasukan ang mga sundalong Amerikano.

139. KARUGTONG:

INT. MESS TENT.

Nakapila na ang ilang sundalong Amerikano sa kinalalagyan ng pagkain, na siya ring kinalalagyan ng mga kubyertos at tray. Medyo groggy pa ang marami sa mga nakasama sa inuman kagabi.

Nagsisilbi si Red Considine at ang kitchen crew, katulong ang ilang Pilipinong kinabibilangan ni GRACIANO BALCOS, late 30s.

EXT. GUBAT.

Naghahanda ang mga gerilyero para sa darating na pagsalakay.

140. EXT. POBLASYON. MADALING-ARAW.

Naglalakad si Valê, kasunod sina Valdenor at Duran at ilang pulis. Parang nagroronda lang sila. May ilang dipa na lamang sila sa kinatatayuan ni Gamlin.

Ngingiti si Gamlin at kakaway kay Valê.

Biglang tatakbo si Valê, nakataas ang kamaong may hawak na arnis, sabay sigaw.

VALÉ

Sugod, mga kapatid! Atake, mga
Balangigan-on!

Aalingawngaw ang boses ni Valê sa katahimikan ng madaling-araw.

Magtataka si Gamlin sa biglang pagtakbo ni Valê, pero sa puntong ito ay nagtataka lang siya at hindi naliligalig o nangangamba.

(MAUULIT ANG ILANG EKSEKUSYON NAKITA NA NATIN SA SIMULA. MAAARING MAS MAHABANG VERSION ANG SUMUSUNOD NA MGA EKSEKUSYON AT HINDI QUICK CUTS NA LANG NA TULAD SA SIMULA.)

141. INT. KAMPANARYO. MADALING-ARAW.

Ubod-lakas na nirerepeke nina Juanito at Vicente ang tatlong kampana.

142. INT. SIMBAHAN. MADALING-ARAW.

Pagkarinig sa tugtog ng kampana, magtataas-kamao si Duday Sana bilang senyas sa mga kasamahan niya sa loob ng simbahan--ang 36 na lalaking taga-Lawaan na nakabihis-babae, na pinamumunuan ni Custodio Salazar at ng tenyente del baryo ng Lawaan. May nakapulupot na rosaryo sa pulso ni Duday Sana.

DUDAY SANA
Sugod, mga kababayan!

Mabilis at sistematikong dadamputin ng mga lalaki ang mga sundang sa loob ng ataul. Tuloy ang tugtog ng mga kampana.

143. INT. SIBLEY TENT 1. MADALING ARAW.

Dadamputin ni Gono ang isang maruming pantalon na nakalatag lang sa lupa. Malalaglag ang mga punyal na nakatago sa loob ng mga paa ng pantalon. Dadampot ng kanya-kanyang punyal sina Gono, Graciano, at Pancrasio at ang ilang bihag. Tuloy ang tugtog ng mga kampana.

144. EXT. GUBAT. MADALING-ARAW.

Mula sa mga pinagkukublihan sa niyugan at kadawagan, maglalabasan ang mga tagabaryo at gerilyerong pinamumunuan nina Daza at Abayan at ng mga tenyente del baryo. Sumisigaw sila habang tumatakbo. Tuloy ang tugtog ng mga kampana.

DAZA
Sugod, mga kababayan!

ABAYAN
Sugod!

MGA GERILYERO
Sugo-o-od!

145. EXT. GUARDHOUSE. MADALING-ARAW.

Ihahampas ni Valê ang arnis. Tatamaan sa ulo ang nagulantang na si Gamlin, at babagsak ito sa lupa.

145. KARUGTONG:

Dadamputin ni Valê ang riple ni Gamlin--isang Krag na may nakakabit na bayoneta. Aasta si Valê na uulusin si Gamlin, pero mag-aatubili siya, parang hindi maatim na saktan ang kaibigan. Sasamantalain ni Gamlin ang saglit na pag-aatubili ni Valê. Mabilis na gugulong nang papalayo ang Amerikano, palundag na titindig, at tatakbo nang paekis-ekis patungo sa munisipyo.

Pupuntiryahin ni Valê ang papalayong si Gamlin, pero hindi rin niya magawang kalabitin ang gatilyo.

146. INT. SIMBAHAN. MADALING-ARAW.

Susunod ang mga taga-Lawaan kay Duday Sana patungo sa pintong kumokonekta sa kumbento. Habang sumusulong ay naghuhubad ng palda o tapis ang mga lalaki. Makikitang nakapantalon sila sa loob ng palda o tapis. Ang ilan ay maghuhubad ng blusa o kimona, pero ang karamihan ay hindi na mag-aalis ng pang-itaas. Ang mga bandanang suot nila kanina ay nakatiklop na nang pahaba at mahigpit na itinatali nila ngayon sa kani-kanilang ulo.

147. EXT. SIBLEY TENTS. MADALING-ARAW.

Biglang lalabas sina Gono, Graciano, at Pancrasio mula sa Sibley Tent 1. Bago makapagpaputok si Private Byron Dent, makakadikit na si Graciano. Uundayan niya ng saksak ang Amerikano. Bagsak si Dent, patay.

Kasunod nito, tahimik na maglalabasan ang iba pang mga bihag mula sa dalawang Sibley tents. Lalaktawan ng ilan ang bangkay ni Dent na nakabulagta sa bukana ng tolda. Kukunin nila ang mga sundang na panggapas na nakatambak sa di-kalayuan sa Sibley tents.

Sumesenyas na si Valê sa mga bihag na sumunod sa kanya patungo sa mess tent. Hindi sila umiimik habang tumatakbo, pero dumadagundong sa lupa ang kanilang mga paa.

148. INT. KUMBENTO: PASILYO. MADALING-ARAW.

Nakaupo si Bumpus sa isang tumba-tumba, nagbabasa ng liham. Mapapaangat ang ulo niya sa biglang pagpasok ng grupo nina Duday Sana at Custodio Salazar. Mabilis siyang tatayo para bunutin ang kanyang rebolber.

148. KARUGTONG:

Mas mabilis ang isa sa mga nakakimonang taga-Lawaan. Sa isang taga ng sundang ay halos matapyas ang mukha ni Bumpus. Muling mapapasalagmak ito sa tumba-tumba, patay.

Mapapapikit at mapapangiwi si Duday Sana sa makikita niyang karahasan ng pagkakapatay kay Bumpus.

Tiyempong lalabas si Griswold mula sa kanyang kuwarto para tingnan kung ano ang narinig niyang ingay. Bago pa siya makabunot ng rebolber ay uundayan na siya ng saksak ng tatlong taga-Lawaan. Bubulagta si Griswold sa sahig, patay.

Sa may paanan ng tumba-tumba, napapatakan ng dugo ang liham na kanina'y binabasa ni Bumpus. Katabi ng liham ang rebolber na nabitiwan din ni Bumpus.

149. INT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Ang dalawang sundalong Amerikano na nakaguwardiya sa armory ay magigitla sa biglang pagpasok ng isang grupo ng mga Pilipinong pinamumunuan nina Valdenor at Duran. Dahil sa kabiglaanan, hindi magagawang magpaputok ng mga Amerikano. Mano-mano ang magiging labanan.

150. EXT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Mula sa puwesto niya sa harap ng kumbento, papuputukan ni John Armani ang mga bihag na patungo sa mess tent, pinangungunahan ngayon ni Valê. Ilang Pilipino ang tatamaan at titimbuwang.

Gamit ang Krag ni Gamlin, gaganting-putok si Valê.

Hahaging ang bala sa may ulunan ni Armani. Mabilis itong magkukubli sa tagiliran ng kumbento. Hindi niya agad mapapansing may isang Pilipinong nagtatago rin dito, ang sakristang si VICTORIANO DADO. Hihiyaw si Dado. Gulilat na mapapalingon si Armani. Pagharap niya ay tatagain siya ni Dado sa dibdib.

151. INT. MESS TENT. MADALING-ARAW.

Pagkarinig sa putukan, mapapatigil sa pag-aalmusal at maalimpungatan ang mga may-hangover na Amerikano. Magsisimula nang tumayo ang ilan sa kanila para mag-usisa.

Maririnig ang dagundong ng mga paang tumatakbo, at kasunod na kasunod nito ay maririnig ang sigawan ng mga sumusugod na Balangigan-on. At ngayo'y makikita na ang mga sumisigaw at sumasalakay, na biglang bubulaga sa bukasang ng tolda at huhugos sa loob, iwinawasiwas ang kanilang mga sundang at punyal.

Labulabo na. Maraming Amerikanong masasaksak, matataga o magigilitan ng leeg.

Sa pagpasok ng mga Pilipino sa mess tent, kasalukuyang may ipinapasok na mga bandehado ng ulam sina Red Considine at Graciano Balcos, ang Pilipinong katulong sa kusina. Paglingon ni Red, makikita niyang ginamit na ni Balcos ang hawak nitong bandehado--inihagis iyon na parang discus. Tatamaan sa leeg ang pinakamalapit na Amerikano.

Ibabalibag ni Red Considine ang dala niyang bandehado kay Balcos. Sapul si Balcos sa mukha. Tatakbo si Red sa isang tabi at dadamputin ang kanyang baseball bat. Gagamitin niya ang bat laban sa mga sumusugod na Pilipino.

Dadampot ng Krag ang isang kabataang Pilipino (kasama sa mga kinuha sa baryo para ipalit sa mga bihag na Balangigan-on), pero hindi niya alam kung paano ito papuputukin. Tatamaan ng bat at sasabog ang ulo ng Pilipino.

Sa malapitang labanan, hindi magagamit ni Valê ang nakuha niyang Krag ni Gamlin. Arnis ang ginagamit niya, at di-iilang bungong Amerikano ang sasabog sa lakas ng hampas niya.

Magkakaharap sina Valê at Red Considine, arnis kontra baseball bat.

152. INT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Sinasamsam ng mga Pilipino ang ilang baril sa armory at ihuhulog ang mga iyon sa bintana.®

153. EXT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Babagsak sa lupa ang mga Krag na inihagis ng mga Pilipino mula sa bintana.

Biglang lalabas si Gamlin mula sa pinagtataguang punongkahoy, paekis-ekis na tumatakbo papunta sa mga Krag na nasa lupa. Duguan ang ulo niya. Habang tumatakbo ay dadamputin niya ang isang sumbrerong buri ng isa sa mga Pilipinong nabaril ni Armani. Isusuot ni Gamlin ang sumbrero para maampat ang pag-agos ng dugo mula sa kanyang ulo.

Makakasalubong ni Gamlin ang isang Pilipinong armado ng punyal. Magpapambuno sila. Masasaksak si Gamlin sa tagiliran, pero mabilis niyang bubunutin ang punyal at isasaksak iyon sa Pilipino. Muling tatakbo si Gamlin papunta sa tambak ng mga baril sa harapan ng munisipyo.

Mula sa isa sa mga bahay na ginawang kuwartel, babarilin ng isang Amerikano si Gamlin.

Dadapa si Gamlin. Makikita niyang may tama siya sa kaliwang braso, pero daplis lang.

GAMLIN (pasigaw)
Hey! It's me! Gamlin!

GUWARDIYA (pasigaw)
Shit, man, I'm sorry! Your hat...

Mabilis na dadampot ng Krag si Gamlin mula sa tambak na inihulog ng mga Pilipino. Luluhod siya at ikakasa ang baril.

May susungaw na dalawang Pilipino sa bintana ng munisipyo, maghuhulog ng ilang nasamsam na Krag. Babarilin sila ni Gamlin.

154. INT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Mapapaatras sina Valdenor at Duran pagkakatang tumitilapon ang dalawang kasamahan niya mula sa tabi ng bintana. Poposisyon si Duran sa tabi ng bintana at sisilip sa labas.

155. EXT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Hindi na aalis si Gamlin sa tabi ng tambak ng mga Krag. Mula rito ay babarilin niya ang bawat Pilipinong makita niya. Asintado siya.

156. INT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Mula sa tabi ng bintana, papuputukan ni Duran si Gamlin. Pero hindi sanay humawak ng baril si Duran.

157. EXT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Sablay ang pagbaril ni Duran. Rarapiduhin ni Gamlin ang bintana ng munisipyo.

Patakbong lumalapit kay Gamlin si Betron at apat na sundalong Amerikanong galing sa mess tent. Dadampot din sila ng Krag at bubuo ng sirkulo na nakapaligid at nakatalikod sa mga nakatambak na Krag. Mamamaril din sila.

Kasalukuyang nakarating na sa poblasyon ang iba't ibang grupong galing sa niyugan at kadawagan, na pinamumunuan nina Daza at Abayan. Mapipilitan silang magkubli sa likod ng mga bahay-bahay para makaiwas sa masinsing pamamaril ng grupo nina Gamlin at Betron.

158. INT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Magkakatinginan sina Valdenor at Duran. Sila na lang ang nanatiling buhay sa armory. Nakabulagta sa sahig sa tabi ng bintana ang kanilang mga kasamahan. Sa pilig ng ulo ay isesenyas ni Valdenor na umatras na sila.

Halos nagpapadausdos na sina Valdenor at Duran pababa sa unang palapag ng munisipyo. Titigil sila sa may pinto, makikiramdam, saka tatakbong papalabas.

159. EXT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Papuputukan ng isang Amerikano ang umaatras na sina Valdenor at Duran, pero hindi tatamaan ang mga ito.

Sesenyas si Betron na pasukin na ang munisipyo. Dadampot ng tigdadalawang Krag si Gamlin at dalawang Amerikano at tatakbo silang papasok sa munisipyo.

159. KARUGTONG:

Maiiwan si Betron at dalawa pang Amerikano sa labas. Tatakbo sila papunta sa bahay ni Balais.

Magkakaroon ng pagkakataon ang isang maliit na grupo ng mga gerilyero na makalabas sa pinagkukublihan at makarating sa kinalalagyan ng mga hagdang kawayan na nakasalansan sa isang tabi. Dadalhin nila ang mga hagdan sa kumbento.

160. INT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Tumatakbo si Captain Thomas Connell, habol-habol ng anim na Pilipinong armado ng itak, sa pamumuno ni Salazar. Suot na Connell ang kanyang botas at unipormeng pantalon, pero nakakamisetang panloob lang siya, at nakalawit ang kanyang suspenders. Madadaanan niya ang mga bangkay nina Bumpus at Griswold.

Nagpapambuno ang isang Balangigan-on at si Tenyente Macabebe. Masasaksak si Macabebe.

Sa ilalim ng isang bintana, nakaupo sa sahig si Francisco, ang Pilipinong katulong ni Connell. Namamaluktot at nanginginig sa takot si Francisco. Nakatayo si Duday Sana sa tabi ni Francisco, parang pinoprotektahan ito. Hindi papansinin ng mga taga-Lawaan si Francisco.

Makakasalubong ni Connell ang isa pang grupong galing sa simbahan, nakapag-alis na ng tapis o palda. Bubuwelta siya.

Masusukol si Connell sa di-kalayuan sa kinalalagyan ni Francisco. Dadampot si Connell ng isang silya at gagamitin itong kalasag laban sa mga papalapit na Pilipino.

CONNELL

C'mon, nigger shit! I'm not scared of any of you!

161. EXT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Nakarating na ang grupong kumuha ng mga hagdang kawayan. Isasandal nila ang mga hagdan sa tapat ng mga bintana ng kumbento. Aakyat sila.

162. INT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Mapapansin ni Connell ang mga papaakyat na mga gerilyero. Makikita rin niya, sa di-kalayuan, ang rebolber ni Bumpus sa sahig.

Mapapansin ni Duday Sana na minamataan ni Connell ang rebolber ni Bumpus.

163. INT. MUNISIPYO. MADALING-ARAW.

Sa unang palapag, ang grupo ni Gamlin ay nasa may paanan ng hagdanan, nagpapaputok habang papaakyat sa ikalawang palapag, naniniguro kahit walang ganting-putok mula sa itaas.

Si Gamlin ang unang makakarating sa tabi ng bintana. Matatanaw niya ang mga gerilyerong umaakyat sa mga hagdang kawayan patungo sa kumbento.

Aasintahin ni Gamlin ang mga umaakyat sa mga hagdang kawayan.

164. EXT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Aalingawngaw ang putok. Babagsak ang nasa pinakamataas na baitang ng mga hagdang kawayan.

165. INT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Magigitla ang lahat sa sniper fire na galing kay Gamlin. Sasamantalain ni Connell ang saglit na pagkagitla ng mga sumasalikop sa kanya. Ihahagis niya sa mga ito ang hawak niyang silya, sabay dive para sunggaban ang baril ni Bumpus.

Pero mas mabilis si Duday Sana. Nahulaan na niya ang balak ni Connell at nakalapit na siya sa kinaroroonan ng rebolber. Mauunahan niya si Connell sa pagkuha ng rebolber at tututukan niya ito.

Sukol na sukol na, biglang lulundag si Connell mula sa bintana sa ikalawang palapag ng kumbento.

166. EXT. KUMBENTO. MADALING-ARAW.

Babagsak sa lupa si Connell, pahiga. Tatayo siya, iika-ika, at tatakbo papunta sa tabing-dagat.

166. KARUGTONG:

Makikita siya ng grupo ni Abayan at hahabulin. Aabutan si Connell ng isang gerilyerong may hawak na sundang at matataga siya sa likod. Pero makakatakbo pa rin siya kahit nakatarak ang sundang sa kanyang likod.

167. EXT. MESS TENT. MADALING-ARAW.

Naglalabasan na sa mess tent ang mga sundalong Amerikano, tumatakas, tinutugis ng mga Pilipino.

Mula sa pinagkukublihang likod ng mga bahay-bahay, lalabas ang mga gerilyero at sasalubong sa mga Amerikano.

Ang mga mayhawak na Krag ay mamamaril sa mga mamamayan at gerilyerong Pilipinong sumasalikop sa kanila.

Mapapatigil ang mga Pilipino tuwing mamamaril ang mga Amerikano.

Pero sa dami ng mga Pilipino ay magagawa nilang makadikit sa mga Amerikano at lumaban nang malapitan. Mapupuruhan ang mga Amerikano.

168. INT. MESS TENT. MADALING-ARAW.

Patuloy ang salpukan nina Valê at Red Considine, arnis laban sa baseball bat.

Mapapansin ni Red na wala nang natitirang buháy na Amerikano sa loob ng mess tent. Naghambalang ang mga bangkay sa lupa.

Ibabato ni Red ang bat kay Valê, sabay takbo. Makakailag si Valê. Hahabulin niya ang Amerikano.

169. EXT. MESS TENT. MADALING-ARAW.

Paglabas ni Valê ay tiyempong dumaraan si Connell, may sundang na nakatarak sa likod pero matulin pa rin ang takbo. Mabilis na dadampot si Valê ng isang punyal sa tabi ng isang bangkay ng Pilipino. Ihahagis ni Valê ang punyal.

Sapul si Connell sa leeg. Bubulagta ito, mangingisay, malalagutan ng hininga.

170. INT. KAMPANARYO. MADALING-ARAW.

Panay-panay pa rin ang pagpapatugtog nina Juanito at Vicente ng kampana.

171. EXT. PLAZA. MADALING-ARAW.

Ibinababa ng magkapatid na Graciano at Pancrasio ang banderang Amerikano sa flagpole.

Mula sa bintana ng munisipyo, babarilin ni Gamlin ang magkapatid na Graciano at Pancrasio.

Tatamaan at titimbuwang ang magkapatid.

Mahuhulog pa rin ang banderang Amerikano.

172. INT. BAHAY NI BALAIS. MADALING-ARAW.

May isang dosenang Amerikano ang narito, kasama sina Betron, Red Considine, George Meyer, Dick at George. Marami ang sugatan. Nagpupulong ang grupo.

GEORGE (kay Betron)
I've seen all our officers, Sarge. All slit
up and slashed to kingdom come. You're in
charge now.

Tiim-bagang si Betron habang tinitingnan ang kanyang mga kasamahan.

Pupunta sa kusina si Betron, kasunod ang mga kapulong. Kukunin niya ang isang lalagyan ng gaas sa isang tabi.

BETRON (sa mga tauhan)
Carry what you can.

May kukuha ng mga kaha ng hardtack biscuits, beef jerky, kape, tubig na inumin.

Ililigtas nina Dick at George ang dalawang kahon ng whisky. Bubuksan ni Dick ang isang bote at bubuhusan ang sugat niya sa balikat. Pagkatapos ay tutungga siya mula sa bote.

Bubuhusan ni Betron ng gasolina ang iba pang pagkain at supplies na hindi na kayang dalhin ng kanyang mga kasamahan.

173. EXT. POBLASYON. MADALING-ARAW.

Naglililiyab ang bahay ni Balais habang lumalabas ang grupong pinamumunuan Betron.

Muling susugod ang mga Pilipinong nagwawasiwas ng mga sundang at sibat. Nasa unang hanay sina Valê, Daza, Abayan, Valdenor at Duran.

Lalabas sina Gamlin sa munisipyo, walang-tigil na nagpapaputok para bigyan ng cover sina Betron.

Madadaanan nina Betron ang nakabulagatang bangkay ni Connell.

174. EXT. TABING-DAGAT. MADALING-ARAW.

Mula sa iba't ibang parte ng poblasyon, magsusulputan ang iba pang Amerikanong nakaligtas. Kasama rito si Sarhento Markley. Humigit-kumulang sa 30 ang survivor, ang karamihan ay sugatan. Hiwa-hiwalay, pangkat-pangkat, aatras sila papunta sa daungan ng mga baloto.

Habang umaatras, pinapuputukan nila ang mga Pilipinong humahabol sa kanila. Urong-sulong ang mga Pilipino.

Makikita ni Betron si Duday Sana, patuloy na nanawagan sa mga kababayan na sumugod. Saglit silang magkakatitigan. Hindi makapaniwala si Betron sa kanyang nakikita.

Tatamaan ng ligaw na bala si Betron sa hita. Mapapaluhod siya. Sa muling pag-angat ng ulo niya, makikita niyang malayo na si Duday Sana, may inaalalayang sugatang Pilipino.

Magsasakayan ang mga survivor sa limang baloto na iba't iba ang laki. Tigdadalawa lang ang kasya sa dalawang pinakamaliit na baloto, at sakay si Markley sa isa sa mga ito. Sa pinakamalaking baloto ay 16 ang magkakasya, at nasa balotong ito sina Betron at Gamlin.

Walang-tigil sa pagpapaputok ang mga sundalong may dalang baril at ammo. Maya't maya'y kailangan din nilang umilag sa mga sibat at punyal.

Tutulak ang mga baloto. Mula sa kung saan, humihingal na hahabol si Francisco. Lulundag siya sa isang balotong may pitong sakay.

174. KARUGTONG:

Muling rerepeke ang mga kampana ng simbahan.

Sakay ng papalayong baloto, tatanawin ni Betron ang kampanaryong pinagmumulan ng kalembang.

Sa paglayo ng mga baloto, maglalapitan sa pampang ang mga Pilipino, nagsisigawan sa tuwa at tagumpay.

DAZA
Mabuhay ang independensiya!

MGA GERILYERO AT TAONG-BAYAN
Mabuhay!

DAZA
Mabuhay ang kalayaan!

MGA GERILYERO AT TAONG-BAYAN
Mabuhay!

Lalong lalakas ang repeke ng kampana.

175. EXT. DAGAT. UMAGA.

Nagsisimula nang tumaas ang araw sa parte ng laot na may mga pulong kakaiba ang hugis. Magkakalayo ang mga baloto. Hinahampas sila ng mga alon. Kulang-kulang ang kanilang mga sagwan.

176. EXT. PAMPANG SA GUBAT. ARAW.

Sasadsad sa pampang ang isang balotong may limang sakay na walang nadalang sagwan.

Mula sa kadawagan ay biglang maglalabasan ang isang pangkat ng mga gerilyero, armado ng sundang at sibat. May ilang Pilipinong mababaril at mapapatay, pero mapapatay din ang limang Amerikano.

177. EXT. POBLASYON. ARAW.

Sa pamumuno nina Valê at Valdenor, pinapatay ng mga Balangigan-on ang mga bahay na nasusunog.

178. EXT. SEMENTERYO. DAPITHAPON.

May dalang pala at piko, gumagawa ang ilang Balangigan-on ng dalawang malaki't malalim na hukay.

Tinitipon ng mga Balangigan-on ang mga bangkay at inihihiga ang mga ito nang tabi-tabi. Pinaghihiwalay nila ang mga Pilipino at ang mga Amerikano. Humigit-kumulang sa 30 Pilipino at 40 Amerikano ang patay.

Kabilang sa nakahilerang mga bangkay na Amerikano ang mga bangkay nina Connell, Bumpus, Griswold at Macabebe. Sa tabi ng hilerang ito, marahang naglalakad si Denton, nakasuot ng rayadilyo at ina-identify ang mga patay. Sinusundan siya nina Daza at Duran. Sinusulat ni Duran ang mga pangalang ibinibigay ni Denton.

Ang nakahilerang mga bangkay na Pilipino ay pinagmamasdan nina Valê, Duday Sana, Valdenor at Abayan. Sa mukha nila'y mababanaagan ang magkahalong tuwa na dala ng tagumpay, at lumbay sa harap ng maraming sugatan at patay.

FADE TO BLACK

FADE IN:

179. INT. OSPITAL SA BASAY. ARAW.

Sa pasilyo sa gitna ng mga teheras na puno ng mga sugatang sundalong Amerikano, mabilis na dumadaan ang dalawang matataas na opisyal na sinasamahan ni Captain Edwin Bookmiller--sina GENERAL JAKE SMITH at MAJOR LITTLETON WALLER T. WALLER.

Galit na galit si Smith habang tinitingnan ang mga sugatang sundalo.

180. EXT. OSPITAL SA BASAY. ARAW.

Lalabas sina Smith, Waller at Bookmiller. Masisilaw sila sa init ng araw.

SMITH
Major Waller...

WALLER
Yes, sir?

180. KARUGTONG:

SMITH

All natives who are not openly for us must be regarded as against us... I want all persons killed who are capable of bearing arms in actual hostilities against the United States...

WALLER

I would like to know the limit of age to respect, sir.

SMITH (walang kagatol-gatol)

Ten years.

WALLER

Ten years old?

SMITH

Ten years old!

WALLER

All persons ten years and older are designated as being capable of bearing arms?

CLOSE-UP: SMITH.

SUPERIMPOSE TEXT:

**General Jacob "Jake" Smith
Oktubre 23, 1901**

SMITH

Yes! I want no prisoners! I wish you to kill and burn! Kill and burn! The more you kill and burn, the better you will please me!

THREE-SHOT: SMITH, WALLER, BOOKMILLER.

Magkakatinginan sina Waller at Bookmiller.

SMITH

All of Samar must be made a howling wilderness!

181. EXT. POBLASYON: BALANGIGA. MADALING-ARAW.

Naglililiyab ang mga bahay na yari sa pawid. Sunod-sunod ang pagsabog sa buong paligid. May mga Balangigan-on na tumitilapon at tumitimbuwang.

Pinamumunuan nina Valê at Valdenor ang maayos na paglikas ng mga residente--pati babae, bata at matanda. Kabilang dito si Maria Acedillo.

182. EXT. DAGAT. MADALING-ARAW.

Sakay si Waller at humigit-kumulang sa 150 US Marines sa buque de guerra na *Vicksburgh*. Kinakanyon ng barko ang Balangiga. Dumadagundong ang putok ng kanyon.

183. EXT. POBLASYON. ARAW.

Lalanding ang mga Marines. Papuputukan nila ang mga bahay na hindi pa nasusunog.

184. INT. KAMPANARYO. ARAW.

Nilalagot ni Waller, sa pamamagitan ng kanyang espada, ang mga lubid sa mga kampana. Pinanonood siya ng dalawang sundalong Amerikano.

Isa-isang ihuhulog ng dalawang Amerikano ang tatlong kampana.

185. EXT. POBLASYON. ARAW.

Sa harap ng simbahan, pumoposing si Waller at ang kanyang opisyaes sa likod ng tatlong kampana ng Balangiga. Kinukunan sila ng retrato ng isang photojournalist.

Pagkatapos ng photo op, bibitbitin ng mga sundalong Amerikano ang mga kampana papunta sa mga naghihintay na baloto sa tabing-dagat.

Sa paligid ng mga bahay-bahay sa Balangiga, nakahandusay sa lupa ang ilang bangkay, kasama ang ilang bata at sanggol.

Sa buong paligid, usok at apoy.

185. KARUGTONG:

SUPERIMPOSE TEXT:

**Tumagal nang limang buwan
ang pakikibaka ng mga rebolusyonaryong
puwersa sa Samar.**

**Sa pacification campaign ni General Jake Smith,
libo-libong bahay at pananim ang sinunog...**

**at mahigit sa 100,000 Samaron ang napatay...
mahigit sa 1/4 ng populasyon ng lalawigan.**

186. EXT. BUNDOK. ARAW.

Sa kinakanlungan nilang gubat, tinatanaw ng mga nagsilikas ang usok at apoy sa Balangiga. Magkahalong galit at lungkot at takot ang namamayani sa mga residente.

Katabi ni Valê si Maria Acedillo habang tinatanaw ang mga labi ng Balangiga. Maluluha si Valê.

187. SERIES OF STILLS

SUPERIMPOSE TEXT:

Jake Smith

**Si General Jacob "Jake" Smith
ay nilitis at hinatulan sa court martial.
Bilang parusa, pinaretiro siya sa hukbo.**

William Denton

**Si Private William Denton
ay nabihag sa Samar at ibinilanggo
nang habang-buhay sa Alcatraz.**

Adolph Gamlin

**Si Private Adolph Gamlin
ay namatay sa Nebraska sa edad na 91,
sumisigaw ng: "They're coming! They're coming!"**

187. KARUGTONG:

Frank Betron

**Si Sergeant Frank Betron
ay nakapag-asawa ng Pilipina
at naging residente ng Batangas, Cebu at Agusan.**

Duday Sana

**Si Casiana "Duday Sana" Nacionales
ay nanatili si Balangiga
at namatay na matandang dalaga.**

Vicente Lukban

**Si Heneral Vicente Lukban
ang huling heneral ng rebolusyonaryong hukbo
na nabihag ng mga puwersang Amerikano.**

**Naging gobernador siya ng Tayabas.
Ipinangalan sa kanya
ang Camp Vicente Lukban sa Samar.**

Eugenio Daza

**Si Kapitan Eugenio Daza
ay naging kinatawan ng Samar
sa First Philippine Assembly.**

Valeriano Abanador

**Si Valeriano "Valê" Abanador
ay naging alkalde ng Balangiga.
Napangasawa niya si Maria Acedillo.**

Monumento ni Abanador

**Monumento ni Valê Abanador
ang nasa harap ng munisipyo
ng Balangiga sa kasalukuyan.**

Kampana ng Balangiga sa pelikula, habang pinapatugtog
nina Vicente at Juanito.

**Ang mga kampana ng Balangiga
ay kinuha ng hukbong Amerikano.**

Kampana sa Korea

**Ang isa'y nasa museo ng 9th US Infantry
na kasalukuyang nakabase sa Timog Korea.**

187. KARUGTONG:

Dalawang kampana sa Wyoming.

**Ang dalawang mas malaking kampana
ay dinala ng 11th Infantry sa Estados Unidos**

**at kasalukuyang naka-display
sa Warren Air Force Base
sa Cheyenne, Wyoming.**

**Hanggang sa kasalukuyan,
mahigit isang siglo na ang nakararaan,
hindi pa isinasauli sa Pilipinas
ang mga kampana ng Balangiga.**

188. EXT./INT. POBLASYON NG BALANGIGA. DOCUMENTARY.

Babalik tayo sa documentary footage ng reenactment ng tagumpay sa Balangiga. Maganda sana kung may shot ng mga Amerikanong nanonood sa reenactment.

FADE OUT

WAKAS

AFTER END CREDITS:

SUPERIMPOSE TEXT:

**ANG PELIKULANG ITO AY BATAY
SA TOTOONG MGA PANGYAYARI.**

**MAY ILANG EKSENA AT TAUHANG KINATHA
UPANG GAWING MATINGKAD ANG EPEKTO NG DRAMA.**

jfl:021011